

Fagalog Online Pocketbook

The leading source of online pinoy stories

Reversed Pursuit

Darla

Unang Pag-Imprenta, 2014

Karapatang Pag-aari © 2008-2014, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email support@tagalogonlinepocketbook.com
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

Napagkamalang isang tomboy si Gabrielle dahil puro lalake ang kanyang mga kaibigan.

Ngunit nabago ang kanyang imahe nang makilala niya ang seryosong si Armond Louie.

Pero paano na ang kanyang crush na isang basketball varsity player na si Gander?

Mapapansin kaya siya nito kapag nagbabagong image na siya?

Chapter 1

“Gab, seryoso ka?”

Di makapaniwalang tanong pa ni Lester sa kanya – ang tinatawag nilang “computer weirdo” sa grupo.

Nasa waiting shade sila sa loob ng campus na malapit sa parking space ng mga kotse ng mga estudyante.

Nakatumpok silang limang magkakabarkada doon pagkatapos ng kanilang klase.

“Oo naman. Dalawang beses na akong nakabiyahe ng jeepney ng tiyuhin ko. Dalawang Linggo na.” Pang-aalaska pa niya.

“Nakakapagod naman yun.”

Ang turan pa ni Guian, ang pangalawang motorcycle rider nila sa grupo, nangunguna kase si Gab.

“Sinabi mo pa. Tapos, delikado ka pa sa mga holdapers.”

Ang sabi naman ni Francis, ang basketball varsity player nila sa grupo at ito ang pinakamatangkad sa kanilang lima.

“Oo nga. Pero kasama ko naman si Pop.” Palusot pa ni Gab.

“Si Pop? Anong laban ng isang bata sa mga holdaper?”

Nakasimangot na saad ni Sean sa kanya. Isa itong black belter.

“Hus, para namang di n’yo kilala si Pop. Kumurap ka lang saglit at di mo siguro namalayang may butas na ang tagiliran mo.”

Pang-aalaska pa niya sa walong taong gulang na pinsan. Anak na lalake ng tiyuhin niya, kapatid ng kanyang ina na isang operator ng dalawang jeepney.

Sabagay, tama naman si Gab. Naisip ng apat.

Dahil dalawang beses nang nakadisgrasya ang batang iyon dahil lang kay Gab. May nagtangka kaseng bumanat sa dalaga nang di napansin ng magkaibang dalawang taong iyon na mas mabilis pa sa kanila ang isang walong taong gulang na si Pop na kasa-kasama ni Gab sa dalawang pagkakataong iyon.

Ginagaya kase nito ang Red Indians sa mga palabas. Mahilig itong gumaya kaya naging silbi naman ang hilig nito sa dalawang pagkakataong iyon.

Di lang nila alam kung paano iyon nagagawa ng isang walong taong gulang na bata.

At mabuti na lang sa dalawang pagkakataong iyon ay naagapan ang mga biktima at di man lang naghain ng kaso laban rito o kay Gab. Dahil siguro ayaw ng mga ito ng malaking gulo. Kunsabagay, may mga witnesses naman sina Gab upang makalusot ang kanyang batang pinsan sa batas.

“Siyanga pala. Kelan ba ang laro n’yo, Francis?” pag-iiba pa ni Guian.

“Sa makalawa pa. O, Gab punta ka doon.” Nakangising anang Francis. “Kasama namin si Gander dun.”

Saka nag-apiran ang apat na kalalakihan nang nagkatawanan.

Napatawa na rin lang si Gab.

Batid ng apat na crush niya si Gander. Ang point guard at pinakaguwapong player ng basketball team ng university nila.

“Pero siguradong naro’n din ang cheering squad ng team.”

Tinignan nila si Sean nang matalim.

“Huwag mo ngang ipaalala yan kay Gab. Made-depress lang yan, eh.” Ang sabi pa ni Lester. “Ang mabuti pa, kumain na muna tayo sa restoran. Taya ko.”

“Sige. Minsanan lang itong panlilibre ni Computer Weirdo.”

Nakangising ani Francis na tinapik sa balikat si Lester.

Naglakad na sila at nasa gitna si Gab katulad ng dati. Nakisakay na si Gab kay Guian sa sarili nitong sports car.

Kasama naman nila si Lester. Sa isang kotse naman sina Francis at Sean, na pagmamay-ari ng huli.

Nabunggo si Gab sa isang lalakeng singtangkad ni Francis pagpasok niya ng restoran. Buti na lang at nahawakan siya nina Lester at Guian na nasa likuran niya saka nabawi niya ang kanyang balance.

“Hoy, tignan mo ngang dinadaan mo.”

Ang likod ng palad ni Sean ang ginamit sa pagtapik sa dibdib ng lalakeng nakabangga kay Gab.

“Pasensya na. Di ko agad siya napansin.”

Ang mahinahong hinging-despensa nang seryoso ang mukha na lalake.

Napatitig lamang si Gab sa lalake.

Hindi na pinalaki pa ni Sean ang bagay na iyon dahil sa seryoso naman ang lalake. Kung iba pa siguro ay kinaladkad na ito ng binata at pinapatikim ng dalawa o tatlong kamao bago ito pakawalan nang duguan.

Pumasok na silang lima sa loob at di na pinansin ang lalakeng sumakay na sa sarili nitong kotse. Katulad ng dati ay masaya silang nagsalu-salo bago umuwi.

Nagkahiwalay na ang dalawang kotse at naunang ihatid ni Guian si Lester bago si Gab.

“Ano, susunduin pa ba kita bukas, Gab?” tanong pa ni Guian.

“Huwag na. Ang bike ko na lang ang gagamitin ko bukas.”

“Sige, lalagyan ko ng ‘Reserved’ ang tabi ng kotse ko bukas sa campus para sa big bike mo.”

“Salamat. Goodnight.”

Saka pumasok na siya sa loob ng gate ng kanilang bahay.

Binati niya ang kanyang ina nang maratnan itong nakaupo sa may sala at nanonood ng TV. Pagkatapos ay pumanhik na siya kaagad sa kanyang kwarto.

Kinabukasan...

Nagbihis si Gab sa umagang iyon ng sleeveless at jeans. Pagkatapos ng sleeveless ay isang maong na jacket ang isinuot niya.

Umangkas na siya sa kanyang big bike nang maisuot ang helmet.

“Gabrielle Marie! Akala ko ba di mo na ginagamit yan.”

Nailing na nag-krang ang dalaga para umandar ang malaking motorsiklo at pina-rebolusyon pa ang gasolinador nito.

“Mali kayo, mommy! Ginagamit ko pa rin ito!”

Sigaw na aniya sa inang nasa pintuan ng bahay.

Bago pa ito makalapit sa kanya ay nagpaalam na siyang umalis at sumibad na patungo sa university.

Habang sapo na lang ni Mrs. Leah Roca ang noo.

Madaling naispatan ni Gab ang kotse ni Guian at doon niya ipinark sa tabi nito ang kanyang motorsiklo.

“Alam mong hindi dito ang parking space ng motorsiklo.”

Ang saad ng gwardiya nang mapansin ang sasakyan niya pagkababa niya rito.

Hinubad ng dalaga ang kanyang helmet at ngumisi sa gwardiya at kinindatan ito.

“Sanay ka na sa bike kong dito talaga siya naka-park, di ba?”

Ang aniya sa gwardiya at nakilala naman siya nito.

“Sige.”

Tumango na lang ang gwardiya at hinayaan na siya.

Biglang may bumusina na isang asul na kotse at muntik nang mapalundag ang dalaga sa lakas nito.

Napasimangot siya sa lalakeng bumaba ng kotse at lumapit ito sa kanya.

“Di ka ba marunong bumasa? Para sa mga cars and owner type jeeps lang ang pwedeng i-park rito. Doon sa kabilang banda ang para sa mga motorsiklo.”

Deretso sa puntong sabi ng lalake.

“Excuse me?”

Aniyang hinuhubad ang kanyang jacket upang ibuhol ang sleeves nito sa kanyang bewang.

“Nakasanayan ko ng mag-park rito at walang problema dito ang guard. Kung gusto mo, humanap ka ng ibang espasyo para sa kotse mo.”

Napansin man nila o hindi ay napatingin na sa kanila ang ilang estudyante at napilitang lumapit ang gwardiya sa kanilang dalawa.

“Sandali lang. Wag kayong magkagulo rito. Gab, kung pwede lang sana ay ilipat mo na lang ang bike mo.”

“Pero, guard ako ang nauna. At OK lang sa yo yun kanina kung di pa dumating ang damuhong ito.”

Kumukumpas na anang Gab sa gwardiya.

“Pero wala na siyang mapaparkingan, Gab. Pagbigyan mo na lang ako sa ngayon. OK? Kung gusto mo, doon mo na lang i-park malapit sa guard-house itong bike mo at nang mababantayan ko rin ito. Ayos ba sa yo yun?”

Ang tanging solusyon na naisip ng gwardiya sa sitwasyong iyon upang di pa lumala pa.

“Mister, pwede mo ng i-park dito ang kotse mo. Gab, ilipat mo na muna yang bike mo. At wag kang manggugulo kung ayaw mong malaman ito ng mommy mo.”

Napatingin si Gab sa gwardiya.

“It’s your day.” Sabi pa niyang ngumisi sa lalakeng nang-aagaw sa kanya ng parking space.

Saka kinindatan niya ito bago inilipat ang bike malapit sa guard-house.

“Salamat.”

Anang lalake sa gwardiya at lumulan na sa kotse upang i-park na doon ang kotse sa dating space ni Gab.

Tumalikod na ang gwardiya at pagbalik ni Gab sa kotse ni Guian ay naroon na ang kotse ng kanyang nakasagutan ngunit wala na ang may-ari nito.

“Ano ito?”

Nakasimangot na tanong ni Guian nang makita ang di kilalang kotse na nasa tabi ng kotse nito.

“Saan na ang ‘Reserved’ na inilagay ko dito kanina?”

“Anong problema dito?” Tanong pa ni Sean na kararating lang.

“Naku, wag mo ng itanong yan at nasa may guard-house lang ang bike ko, Guian.

Sagot pa ni Gab sa kaibigan.

“Paano kase, may nang-aagaw ng space ko diyan. Yung may-ari ng kotseng yan.”

Ininguso pa niya ang asul na kotse.

“Ganon ba? Ano, bibigyan ko ng leksyon ang taong yun? Ipakita mo lang sa akin ang pagmumukha nun.” Ani Sean.

“Huwag na. Baka ikaliligaya na niya ang space na yan. Sa kanya na lang yan.”

Saad pa ni Gab na naiiling at naglalakad na patungo sa kanilang classroom.

“Sina Lester at Francis?”

Tanong ni Sean na sumunod kina Guian at Gab.

“Andun na sa room. Binalikan ko na lang rito si Gab para i-check kung dumating na siya. Siyanga pala, ba’t sa labas ng campus mo laging ipina-park ang kotse mo?” tanong ni Guian kay Sean.

“Kase laging tila rush-hour kapag labasan na. Nahihirapan akong makalabas lalo na’t kung nagmamadali pa ako.”

Pagkatapos ng kanilang mga klase sa umagang iyon ay sabay na silang lima patungo sa canteen para doon na kumain ng lunch nila.

Pinagtitinginan sila ng mga kapwa nila estudyante nang pumasok doon. Sikat ang kanilang grupo sa university. Bawat isa sa kanila ay kilala dahil sa kani-kanilang personalidad at talento.

Nakita na lamang ni Gab na pumasok si Gander kasama ang best friend nitong si Ronin, ang captain ng varsity ng soccer ng kanilang university.

Nakita ni Gander si Francis at binati ito ng tapik sa balikat.

“Kumusta? Practice natin mamayang hapon, ha? Finals na natin bukas.” Paalaala pa nito.

Nakatitig naman si Gab kay Gander nang walang kurap. Napangiti nang lihim ang kanyang mga barkada sa nakikita nila.

“Hindi ko nakalimutan yan, Gander.” Tugon ni Francis.

“Good luck nga pala sa inyo.” Biglang sabi ni Gab.

“Oo. Salamat.” Sabi ni Gander at tumalikod na upang magtungo sa counter.

“Gab, maliban doon. Wala ka na bang alam na pwedeng sabihin kay Gander?” tanong pa ni Francis sa kanya.

“Katulad ng ano?”

Nakasimangot na tanong niya sa kaibigan at ibinalik sa pagkain niya ang atensyon.

Nagkatawanan ang apat na lalakeng barkada niya.

“Katulad ng... ‘Gander, pwede ba kitang imbitahang kumain sa labas pagkatapos ng laro n’yo bukas?’ O kaya naman... ‘Gander, panonoorin kita bukas.’” Nakangising suhestiyon pa ni Francis. “Dapat gawin mo yun at sabihin sa kanya kung gusto mo siya. Di ba?”

Nagkatawanan naman ang kalalakihan habang lalong sumimangot si Gab. Saka kinuwelyuhan na si Francis.

“I’ll say whatever I’d like to say, Francis. Huwag mo akong didiktahan. Klaro ba?”

Biglang sumeryoso ang grupo. Pati na ang ibang mga estudyanteng nakit aang ginawang iyon ni Gab sa isa sa mga barkada niya.

Itinaas ni Francis ang dalawang kamay at tumango. Tumiim na rin ang ekspresyon nina Guian at Lester.

“Huwag ka ng magkamali, Francis.”

Nakangising anang Sean upang mag-lighten ang kanilang mood sa hapag.

Ngumiti na rin lang si Francis at di na nagsalita pa.

“Huminahon ka naman, Gab.” Bulong pa ni Guian sa dalaga.

“Sorry.”

Tanging nasabi niya kay Francis na tumango naman upang tanggapin yun.

“Alam mo? Sayang ka.”

Ang sabi ng isang boses ng babae at napatingala silang lima sa may-ari niyon.

Si Danica.

Dating kaklase niya sa high school. At ngayon ay schoolmate naman niya sa university na ito. May kasama itong dalawang babae na nakangising parang aso sa mga barkada ni Gab.

Pero balewala naman ang mga ito ng apat na nakatingin kay Danica, nang nakasimangot.

“Danica. Hi.”

Pilit ang ngiting aniya.

“Di ko lang kase maintindihan kung baket nagiging feeling mong lalake ka na nang mag-college na tayo, Gabrielle Marie.”

Nakangising pangungutya pa ng babae.

Tinititigan muna niya ito mula ulo hanggang paa bago sumagot.

“At di ko rin maintindihan kung baket nagmimistulang bitch ka na sa paningin ko, Danica.”

Nakangising tugon naman niya rito.

At naghihiyawan tuloy ang mga barkada ni Gab at pinukpok pa ang mesa nila.

Napamaang na lamang ang tatlong babaeng lumapit sa kanila at dali-daling tumalikod nang matignan ni Danica nang matalim si Gab na nakangisi pa rin.

At pinamulahan naman si Gab nang makabanggaan niya ng tingin si Gander sa isang mesa.

Ano kaya ang iniisip nito sa kanya? At ano rin kaya ang tingin nito sa kanya? Katulad kaya ng pagtingin sa kanya ni Danica?

Isang tomboy?

Chapter 2

“Gander, mali ang iniisip mo.”

Depensa naman ni Francis sa kaibigang si Gab.

Nagri-rehearse sila sa hapong iyon dahi finals na nila kinabukasan. At sila pa naman ang defending champion sa taong ito.

“Hindi tomboy ang kasa-kasama n’yong iyon? Ano pala siya?”

Nagdi-dribble na anang Gander habang nakabantay naman si Francis rito.

“She’s just herself. Hindi siya tomboy. Babae siya. In fact, may gusto siyang lalake na nasa team natin.”

Biglang napamura sa kanyang isipan si Francis.

Hindi niya dapat ibuking ang sekreto ni Gab. Kung hindi, lagot siya sa tatlo niyang barkadang lalake. Not to mention kay Gab.

“Ows? At pwede bang malaman kung kanino?”

“Hindi. Pasensya ka na. O, ano isho-shoot mo ba yan o hindi?”

“Hey, bro. Kumusta?”

Tanong pa ni Armond Louie na nakasandal sa kanyang kotse, sa parking lot ng university.

Sadyang hinihintay niya ang kinakapatid na si Gander.

“Bro! Long time, no see.”

Natutuwang anang Gander sa kanya at nagkamayan silang dalawa.

“Kumusta sa seminary?”

“Ah, tumigil na ako, eh. Papasok na ako rito to take another course after vacation.”

“Ah, ganon ba? Baket ka tumigil doon? Di mo na gustong magpari?”

Nakangiting tanong ng basketball player.

“Gusto ko pa rin sanang tapusin pero, as you well know. Two years lang ako doon. Ayaw kase ni dad na manatili pa ako doon. Anyway, magkakasama na naman tayo tulad ng dati. Di ba?”

“Tama ka. Pero ba’t kelangan mo pang kumuha ng ibang kurso?” kuryusong tnaong ni Gander.

“Yun ang gusto ni daddy. Wala naman akong magawa.”

Naisip ni Gander na limitado lang ang sinasabi sa kanya ni Armond Louie. Ganon pa man ay batid niyang ayaw ng godfather niyang magpari ang *unico hijo* nito.

Gusto nitong si Armond Louie ang papalit rito sa pamamahala ng negosyo ng pamilya.

“Susunod ka pala sa mga yapak ko ha?” nasabi na lang ni Gander.

Kumibit naman si Armond Louie.

“Siyanga pala. Wala ka bang gagawin bukas? Punta ka sa Astrodome. Finals na namin kase.” Imbita pa ni Gander.

“Sige, ipa-reserve mo na lang ako ng mauupuan sa likod ng bangko n’yo.”

“Sure. Akong bahala sa yo.”

Lumulan na si Armond Louie sa kanyang sasakyan nang makita ang babaeng nakasagutan niya kaninang umaga.

May mga kasama itong apat na kalalakihan na tila mga bodyguards nito.

Paglingon pa niya sa kinatatayuan ni Gander ay wala na ito dahil sumama na ito sa ka-team mates nito palabas ng campus.

“Ah, eto pala ang may-ari ng kotseng ito.”

Sabi pa ni Guian na pinariringgan si Armond Louie na pinapaandar na ang kotse.

Nakatayo pa rin ang lima sa likuran ng kotseng asul ng binata.

“Siya na nga.”

Ang tugon pa ni Gab na lumapit sa window ng driver seat ng kotseng asul.

“Hi. Nagkausap tayo kanina. Ako nga pala si Gabrielle.” Pakilala pa niya. “At ikaw si?”

“Armond Louie. Pwede bang tumabi na ang mga kaibigan mo at aalis na ako?”
seryosong ani binata.

“O, huwag ka munang umalis. Natatandaan kita, eh.”

Anang Sean na nakakurus ang braso at tumabi kay Gab na tumayo. Samantalang nasa likuran pa rin ng kotse sina Lester at Francis. At ang huli ay nagpupunas pa ng pawis nito dahil kagagaling itong practice.

“Oo nga pala. Nagkita na tayo kahapon.”

Sabi pa ni Guian na tumabi rin kay Gab, sa kabilang banda.

“Doon sa restoran. Nabangga mo si Gab.”

“Oo. At humingi ako ng despensa kahapon. Wala naman na akong utang na loob o atraso sa inyo, di ba?”

Mahinahong anang Armond Louie sa tatlo, nang di pa rin pinapatay ang makina ng kotse.

“Ah, wala. Wala sa amin yun. Kaya lang, inagawan mo siya ng parking space, eh. Alam mo kase, sa kanya ang lugar na ito. Dapat sa bike niya ito, eh.” Paliwanag pa ni Guian.

“Guian, napag-usapan na natin ito kanina. OK lang sa akin yun. Sa kanya na itong space na ito kung gusto niya. Ibibigay ko na sa kanya nang maluwag sa dibdib ko.”

Ani Gab na hinawakan ang dibdib.

Nagkatinginan ang mga lalake.

Ngumisi naman si Gab sa estrangherong nagngangalang Armond Louie. Magandang lalake ito. At mukhang maginoo pa. Kaya lang masungit ito at sobrang seryoso ang mukha.

Naaalala pa ni Gab ang tangkad nito, ang malamlam na mga mata at matangos na ilong. Maganda rin ang korte ng mga labi nito.

“Maitanong ko lang. Dito ka ba nag-aaral?” tanong ni Gab.

“Hindi.” Ang sagot ng binata.

“Ah, eh di pansamantalang sa kanya lang pala ang space mo, Gab.”

Mukhang nabunutan ng tinik si Guian at ngumisi sa lalakeng nasa loob ng kotse.

“Sige. Makakaalis ka na. Pwedeng... magkaibigan na tayo?”

Tumango lang nang bahagya si Armond Louie at napasulyap pa kay Gab na kumindat sa kanya.

Tumabi naman sina Francis at Lester para padaanin ang asul na kotse.

“Ba’t panay ang kindat mo doon?” nakangising tanong ni Francis kay Gab.

“Tinatanong mo pa! Halika nga!”

Binatukan pa ito ni Sean saka kinaladkad na papalabas ng campus, patungo sa kotse nito, sa pamamagitan ng shirt nito.

“Paano na si Gander?” estupidong tanong ni Lester.

“Isa ka pa!”

Singhal ni Guian rito na binuksan ang kotse at lumulan na si Lester sa passenger seat habang kinuha naman ni Gab ang kanyang big bike sa may guard-house.

“Sa makalawa na nga pala ang race, Gab.”

Sigaw ni Guian habang nakasunod si Gab sakay sa kanyang bike.

“Alam ko. Practice tayo mamaya!”

Napilitan si Armond Louie na sumali sa dinner meeting ng dalawang kliyente ng kanyang ama, sa isang restoran sa gabi ring iyon.

Kung hindi pa dahil sa grupo ni Gabrielle ay hindi siya mali-late ng ten minutes. Pero heto na rin siya sa wakas at kausap ang mga ito kasama ang kanyang amang nagsasalita.

“I assure you that the products are of good quality. We can even guarantee a refund if you’re not satisfied.”

Ang assurance ni Mr. Somera.

“I know. Your brand of hardwares are good, Mr. Somera. That’s why I am not hesitating to have business with you.”

Ang tugon ni Mr. de Leon, isang matandang naka-salamin.

“Yes. As a good friend of Mr. de Leon, I have faith that he has recommended to me a good deal, too.”

Ang sang-ayon pa ni Mr. Gomez, isang matandang malapad ang noo at may bigote.

“Thank you both.”

Natutuwang tumatango si Mr. Somera.

Tumango na rin lang si Armond Louie sa mga ito na tahimik lamang na nakikinig sa pinag-uusapan ng tatlo.

“Siyanga pala. Ito na ba ang anak mong papalit sa yo?”

Kaswal na tanong ni Mr. de Leon sa ama ni Armond Louie.

“Yes, definitely.” Ang tugon.

“What course have you finished, Armond?” tanong ni Mr. Gomez sa kanya.

“Electrical Engineering.” Ang tugon niya.

“That’s practically far from your field, Mr. Somera.”

Ang nasabi ni Mr. de Leon sa ama ng binata.

“I know. And he had been in the seminary for two years. Pero kelangan ko talaga siya sa family business kaya pinatigil ko siya. Mag-aaral pa siya ng Business Administration next school year.”

Turan pa ni Mr. Somera sa mga kliyente.

“Engineering, huh? I bet, he can make it in business pag may ganyang utak na katulad ng anak mo, Mr. Somera.”

Napa-chuckle si Mr. Gomez.

“Very apprehensive in numbers and such, I imagine.”

Nagkatawanan ang tatlong may edad na lalake. At napangiti lamang ng matipid si Armond Louie sa nagsalita.

“Baket mo nga pala gustong magpari, Armond?” seryosong tanong ni Mr. Gomez pagkatapos.

“Pangarap ko na po yun.” Turan naman niya.

“Well, di mo ba gustong mag-asawa in the future?”

Tanong ni Mr. de Leon.

“Masarap ang may asawa, Armond.” Dagdag nito.

“Sa tingin ko po, ganun na nga. Pero hangga’t maaari ay wala po sa aking bokabularyo ang pag-aasawa. Kung tutuusin, gusto kong magpari, Mr. de Leon.”

“But then, you’re not in the seminary anymore. Nasa labas ka na. At sa itsura mong yan, di malayong walang magkakagusto sa yo.”

Praktikal na saad naman ni Mr. Gomez.

“Sa panahon ko, ganyan din ako kapogi katulad mo. At maniwala ka. Kaya nahirapan akong pumili nang mapapangasawa.”

Nagkatawanan na naman ang tatlong may edad na lalake.

Pagkatapos ng meeting na iyon ay kanya-kanya nang umuwi ang apat.

Ngunit nagpaalam muna si Armond Louie sa ama na magpapahangin muna siya bago umuwi sa bahay nila.

Kaya nauna na ang ama sakay sa sarili nitong kotse, kasama ang driver nito.

Bago pa uuwi si Armond Louie ay napadaan siya sa isang grupo ng mga motor riders. Kani-kanyang ensayo ang mga ito ng iba’t ibang exhibitions.

At nakita niya ang pamilyar na big bike.

Nag-iisa lang iyon. Dahil may yellow at blue stickers na nag-spell out ng pangalang GAB.

Nakatayo ang dalaga sa upuan ng bike habang tumatakbo ito.

Biglang kinakabahan si Armond Louie sa kanyang nakita.

Is that woman crazy? Naitanong niya sa kanyang sarili.

Nakita na lang niyang pinapalangkapan ng mga kalalakihan ang dalagang bumalik na sa normal nitong pag-angkas ng motorsiklo.

At noon pa niya napansing wala man lang eksaktong protective gears sa katawan ang babae maliban sa helmet. At naka-sleeveless lang ito, rugged jeans at boots.

Hindi na lang nagtagal ang binata doon kahit gusto pa sana niyang manatili upang mabantayan ang nakakaloko't nakakatindig balahibong exhibitions ng dalaga at ng mga kasamahan nito.

Naaalala pa niya ang pilyang ngiti nito't kindat sa kanya.

Huh, kung alam lang kaya ng babaeng ito na frustrated priest siya, gagawin pa kaya nito ang ganoon sa katulad niya? Parang gusto niyang matawa sa sarili pero hindi naman.

Napagdesisyunan na niyang umuwi na sa kanila. At sa kalaunan o hindi ay malalaman niya rin kung nadisgrasya ang babae o hindi.

Napabuntong-hininga na lang siya.

Chapter 3

“Doon tayo sa pina-reserve natin umupo.”

Ang sabi ni Lester nang pababa sila patungo sa kanilang upuan, sa loob Astrodome kinabukasan ng gabi.

“Oo. Sa likod mismo yun nila ni Francis.”

Ang sabi ni Sean na nangunguna sa kanilang grupo.

Natigilan si Guian nang makita si Armond Louie na nakaupo sa likod mismo ng bangko ng mga varsity players. Tinapik nito si Sean saka ininguso ang lalake.

Ngumisi naman silang dalawang napatingin kay Gab.

“Gab, si crush number two mo pala yan, o.”

Ininguso pa ni Guian ang direksyon ng tinutukoy para makita ni Gab na noo’y himalang naka-shorts lang ng maikli at t-shirt.

Ngumiti naman si Gab.

“Tatabihan ko.”

Aniyang nauna na sa tatlong barkada. Nakabuntot naman kaagad ang mga ito.

“Alright!” nag-apiran naman ang tatlo.

“Hi, Armond Louie. Right?”

Bati pa ng dalaga na nakangiting umupo sa tabi ng lalake.

Napatingin si Armond Louie sa kanya at sa kanyang suot. At napaisip ito na buti’t nakapasok ito.

“Hi.”

Seryosong tugon nito at di pinansin ang babae.

Tumabi na kay Gab si Sean, sumunod sina Guian at Lester.

Nakita nila si Francis na ngumiti sa kanila at kumaway. Gumanti naman sila at naghahanda na para mag-cheer. Kahit nandoon nakapwesto na sa ilalim ng ring ng kalaban ang kanilang cheering squad na puro babae.

“O, Gab crush mo. Ngitian mo naman.”

Tudyo pa ni Sean sa kanya nang maispitan si Gander na kausap ang captain ng team.

“Kanina pa ako ngiti nang ngiti dito, o. Di ako napapansin.”

Pabulong na ani dalaga upang di marinig ni Armond Louie.

Napatingin si Sean sa katabi ni Gab. At napa-ah na lang ito.

Ipinasa ni Lester ang kanilang junk foods, mineral water at canned softdrinks na dala-dala para sa buong game.

Nag-umpisa na kaagad ang laro at halos nag-uumpaw ang buong Astrodome sa dami ng mga estudyante’s mga magulang na nanonood sa larong ito.

“Mahilig ka ba sa basketball?”

Tanong pa ni Gab kay Armond Louie na tahimik lamang sa tabi niya.

“Oo.” Ang maikling sagot nito.

Ngunit sa tuwing na kay Gander ang bola ay laging tahimik si Gab. Mistulang nahihipnotismo siya sa bawat kilos ng player. At napansin yun ni Armond Louie.

Ngayon ay na-get na niya kung sinong crush ang tinutukoy ng katabi ng babae kanina. Crush ni Gab ang kinakapatid niyang si Gander.

Ibig niyang matuwa. Pero hindi...

Malakas ang sigawan ng buong Astrodome nang ma-retain ng kanilang team ang pagiging champion. Nagsigawan sina Sean, Lester at Guian.

Natutuwa namang pumapalakpak lamang si Gab. Hindi katulad ng ibang babaeng naglulundagan na sa tuwa at naghihiyawan.

Di katulad ng mga babaeng nasa cheering squad, at sinalubong ang mga players saka pinaghahalikan ang mga ito o kaya'y pinagyayakap.

Napagmuni-muni tuloy si Armond Louie na kakaibang babae si Gab. Hindi lang dahil sa personalidad nito kundi dahil panay mga lalake ang kasa-kasama nito.

Hindi naman ito tomboy.

Nakasisiguro siya. Dahil bukod sa may crush ito kay Gander, panay rin ang ngiti at kindat nito sa kanya mula pa kahapon at hanggang ngayon.

Napasimangot naman si Guian dahil lahat ng member ng squad ay hinalikan ang bawat player. Saka ngumisi naman si Lester sa reaksyon ng kaibigan habang tinitignan nila si Francis.

“Is that enjoyable or enjoyable?”

Nakangisi pa rin si Lester na ini-adjust ang salamin sa ilong.

“Sira!” anang Guian.

“Halika na. Antayin na lang natin sa labas si Francis. Pero tingin ko, magsi-celebrate pa ang team somewhere.” Si Sean.

“Sama ka na sa amin.”

Imbita pa ni Gab kay Armond Louie.

“Hindi na. Uuwi na rin ako kaagad.”

Ang seryosong tugon ng lalake at nauna na sa kanilang umalis.

Napasunod na lang ng tingin si Gab sa lalake. At hinila na siya ni Guian. Sumunod na rin lang siya sa mga kaibigan.

Hinintay nila si Francis. At tama ang hinala ni Sean. Nagpaalam si Francis sa kanila.

“Pero kung gusto n’yong sumama, pwede kong sabihin kay coach. Pero hindi kayo kasali sa drinks.” Nakangising aniot.

“Para namang issue yun.”

Nakasimangot si Sean.

“Sabi ko nga.”

Anang Francis na mukhang masaya talaga dahil sa resulta ng laro.

“Congrats nga pala.”

At hinalikan ni Gab sa pisngi si Francis.

Natigilan ang tatlo pa niyang kabarkada. Alam niyang nagseselos rin ang mga ito sa ginawa niya. Kaya bumawi na rin siya kaagad sa mga ito.

“Salamat at nakasama ko kayo sa gabing ito. I have a wonderful night, guys.”

Aniyang hinalikan ang bawat isa sa mga ito.

At napangiti niya rin ang mga ito.

Mukhang gf siya ng apat niyang barkada sa sitwasyon niyang ito.

Pero napakaswerte niya at nagkaroon siya ng maaalalahanin at understanding na barkada tulad ng mga ito.

Di man siya maintindihan ng ibang mga tao...

Sumunod na sila sa bar kung saan nagsi-celebrate ang buong team at cheering squad. Buti na lang at pinapasok si Gab kahit sa kanyang shorts dahil sa may patakaran ang bar.

Binigyan kase ng pera ni Guian ang bouncer at ang guard. Isa pa, kakilala ito ng pinsan niya. Bukod pa doon, di rin nakapagbihis ng disente ang mga basketball players at cheering squad. At lahat ng mga ito ay nakapasok naman.

Napasimangot naman si Gander nang makita ang grupo ni Francis na nandoon rin.

Sa ibang table nga lang nakapwesto. Umorder din ang mga ito ng maiinom. Pero natutuwa rin siya kahit papaano dahil softdrink lang ang iniinom ng babaeng kasama ng mga ito. Di pa rin siya makapaniwala sa nai-reveal sa kanya ni Francis kahapon.

Hindi tomboy si Gab. In fact, may crush ito sa team nila. Kung ganon, sino?

“Hi.” Lumapit siya sa naturang grupo.

“Gander.”

Sabay-sabay na ani mga ito.

“Congratulations sa team n’yo.”

“Thanks. Nag-enjoy ba kayo sa laro kanina?”

“Oo naman.” Anag Sean at Guian nang sabay.

“Buti at sumama kayo rito.”

“Sumunod lang kami kay Francis.” Ang tugon ni Lester.

“Ah, oo. Humingi siya ng pahintulot kay coach kanina.” Turan ng varsity player. “Siyanga pala. OK lang kayo rito? Baka gusto n’yong sumali sa table namin? OK lang kay coach yun. Kilala niya naman kayo, di ba?”

“Huwag na. OK lang kami. At ease din lang kami rito.”

Sabi ni Sean na sinulyapan si Gab.

Ayaw kase ni Gab na sumali sa iba pang mga babae. Lalo na't nasa cheering squad pa.

"I see."

Nakuha rin ni Gander na ayaw makihalo ni Gab sa ibang tao, maliban lang sa mga barkada nito.

"Siyanga pala. Magkakilala pala kayo ng kinakapatid kong si Armond?" baling ni Gander sa tahimik na si Gab.

"Medyo. Pero bago lang kami nagkakilala."

Ang turan ni Gab na napasulyap sa tatlong kasamahan. Mukhang di siya mapalagay gayong nakipag-usap na sa kanya ang kanyang crush.

"Ganon pala. Kaya pala nagkausap kayo in between sa game namin kanina."

Nakiupo si Gander kahit di inimbita ng ni isa sa apat.

"Hindi nag-aaral sa university ang kinakapatid mo. Baket nagpunta siya doon kahapon?"

Tanong ni Sean nang kaswal. At saka tinungga ang beer nito.

"Nag-inquire lang siguro siya. Kase balak niyang mag-aral next school year." Ang tugon ni Gander.

"Mukhang mabait ang kinakapatid mo. At napakaseryoso pa. Di man lang nginitian si Gab!" ang sabi ni Guian.

Pinukol ng matalim na tingin nina Lester at Gab si Guian na napababa ng tingin pagkasalita. Napatawa naman si Gander.

"Totoo yun. Once in a blue moon mo lang talaga makikitang nakangiti sa yo."

Deretsahang sabi ni Gander kay Gab na nag-blush.

Buti na lang at malamalam ang nagsasayawang mga ilaw sa bar at di yun halata.

Pagkatapos ay nagpaalam na si Gander nang lumapit sa kanya ang isang miyembro ng cheering squad upang makipagsayaw sa dance floor.

Napailing naman si Sean nang umalis na ang basketbolista.

“She’s got a nerve!”

“Oo nga. Kita niyang kausap tayo ni Gander, eh.” Reklamo pa ni Guian, para kay Gab.

“Hindi yon ang ibig kong sabihin. She’s got a nerve. Si Gab natin ay wala.” Malungkot na anang Sean.

Ngumisi naman si Lester.

“At least, si Gander ang lumapit. Hindi si Gab.”

“Yeah. You got me there.” Anang Guian kay Sean.

At nag-toast ang dalawa.

“Sa tingin n’yo ba, nahahalata na ni Gander si Gab natin?” tanong ni Sean.

“Don’t talk like that as if I’m not here.”

Reklamo pa ni Gab na sinisipsip ang kanyang softdrink.

“Sa tingin ko, oo. Panay ang tigin niya kay Gab, di ba?” obserba pa ni Lester.

“Parang nahahalata rin naman yan ni Sean.” Anang Guian. “Kaya lang, may problema.”

“Mukhang nawawalan na kase ng gana itong si Gab kay Gander. Kanina kase pagkatapos ng laro, inimitahan niya si Armond na sumabay sa atin. First time yun na umimbita siya.”

“Ginawa ko lang yun kase gusto kong mapalapit siya sa atin.”

Paliwanag pa ni Gab na nakangisi.

“Wala akong masamang intensyon sa kanya.” Dagdag pa niya.

“O, kita n’yo ba ang ngising yan? Pilya, di ba? Kaya may pinaplano siyang di pa natin alam.” Anang Guian.

“Sige, inaamin ko na sa inyo. Pero, mukhang malabo rin iyon. Tulad na lang kay Gander. Di rin ako mapapansin nun. Mga babaeng-babaen ang hilig ng mga lalake. Di ba? Yun ang gusto n’yo talaga sa babae.”

“Gab, you know we like you a lot!” anang Sean.

“Hindi totoo ang paratang mo, Gab. Ikaw na ang pinakamagandang babae sa paningin naming.” Anang Guian.

“Mahal ka namin, Gab. Wag ka namang ganyan.” Sabi pa ni Lester. “Di nga kami nagkaka-gf dahil sa yo, eh.”

Napatawa naman si Gab sa sinabi ng mga ito.

Ang sarap ng feeling niyang mahal siya ng mga barkada niya.

“O, sali naman ako dito, o.”

Sabad pa ni Francis nang makitang nagkatuwaan silang apat sa kanilang mesa.

“Sabihin mo na lang na mahal mo si Gab at kasali ka na.”

Sabi pa ni Lester na may warning look.

“Oo, mahal ko si Gab.”

Seryosong anang Francis na umupo sa binakanteng upuan kanina ni Gander.

“Kita mo na, Gab? Walang kwenta ang mga lalakeng hindi nagmamahal sa yo.” Anang Guian.

Umismid lang siyang nakangiti pagkatapos sa mga lalake sa buhay niya.

Chapter 4

Naka-second place lang si Gab samantalang third place lang si Guian sa motor race na sinalihan nila kinabukasan ng gabi.

Gayunpaman ay nagsi-celebrate ang grupo nila sa bahay nina Gab na buti na lang at di ikinaiinis ng ina niya.

“Huwag na kayong magpuyat.”

Ang nasabi nito at nagpaalam nang matulog.

“Yes, tita.” Ang sabay-sabay na tugon ng apat na lalake.

“Sali ako.” Sabi ng boses ng isang bata.

Napatingin silang lahat kay Pop.

Hindi alam ni Gab na nandun pala ang kanyang pinsang parang Red Indian.

“Bawal ang bata sa puyatan.”

Ang saad pa ni Sean na tinatantiya ang bata.

“Ate, sali ako.” Anito kay Gab.

“Saan ba si Pansy?”

Tanong niyang hinahanap ang kaseng-edad na pinsan, ate ni Pop.

“Natutulog na.”

Umupo ang bata sa tabi ni Gab sa sopa.

“Baket kayo andito? Mag-isa na lang si tito sa bahay n’yo.”

“Hindi. Andun siya sa ospital. Nadisgrasya kase ang jeep niya kanina. Pinabantayan na lang ni tita sa katulong n’yo sa ospital para makapagpahinga kami ni Ate Pansy.”

“Ano? Malala ba siya?” tanong niyang nag-aalala sa tiyuhin. “Ba’t di ako tinawagan kanina ni mommy?”

“Hindi naman siya grabe, eh. Mukhang nabali lang ang buto niya sa paa. Kaya di siya makapag-drive muna.” Umismid na anang Pop.

“Sinong nakabangga sa kanya?”

Tanong ni Guian na curious din.

“Di ko kilala ang isang mamang iyon. Sabi niya, kasalanan ni itay. Duda naman ako doon. Kase maingat siyang magmaneho.” Sabi pa ng bata. “Paano, ate? Ikaw na naman ang magda-drive sa jeep niya? Konteng ayos lang iyon, tatakbo rin. Sabi ni ate Pansy.”

Napatingin kay Gab ang lahat ng pares ng mga mata. Wish ng mga ito na aayaw siya.

Pero ngumiti naman siya at sabay napabuntong-hininga at nailing ang mga ito.

“The Battle of Waterloo.” Sabi pa ni Guian.

“No need to discuss.” Anang Sean na parang talunan.

“Imo-monitor kita.” Si Lester naman.

“Sasakay ako kung maaari.” Ani Francis.

“Pero ako lang ang konduktor sa jeep, OK?” matigas na sabi ni Pop sa apat.

“Hindi pwede.” Reklamo ni Gab kay Francis.

“Baket naman?”

“Masasayang lang ang pamasaha ng isang tao kapag nandoon ka. Buti kung magbabayad ka.”

Nakangising ani Gab rito.

Matalim siyang tinignan ni Francis.

“Mag-uumpisa na kaya akong manligaw?” reklamo pa ni Francis sa mga kasamahan.

“Kami rin.”

Sabay-sabay na anang tatlong lalake.

“Sige. At liligawan ko si Gander. Ah, siguro si Armond Louie na lang kaya?” sabi naman ni Gab sa apat, kahit sa presensya ni Pop.

“Ate, OK ka lang ba?” anang Pop.

“Go ahead.” Anang Sean.

“Tignan natin kung magagawa mo.”

Umismid si Guian.

“I still care, you know. Pero desisyon mo yan.” Anang Lester.

“Kainis!” Tanging nasabi ni Francis.

Ngunit nakangisi pa rin si Gab sa apat.

Samantalang nakatingin sa kanya nang seryoso si Pop na parang binabasa ang nasa utak niya.

Sa araw ng Linggong iyon ay kasama ni Gab si Pop na nagbibiyaha mula Kalayaan hanggang sa San Jose del Monte, Bulacan.

Ang bata ang kanyang konduktor dahil ito ang taga-tanggap at taga-sukli ng pamasaha.

Upang di mahalatang babae si Gab ay naka-bonnet siya at sombrero pa. Naka-jacket siya ng maong at knuckle-gloves na goma upang mas mahigpit ang hawak niya sa manibela.

Hindi naman maipinta ang itsura ni Francis na nakaupo sa duluhan ng jeep. Hindi ito makapaniwalang totooan pala ang sinabi ni Gab na nagmamaneho ito ng jeep kapag ganitong araw ng Linggo. Kahit di pa noon nadisgrasya ang tiyuhin ng dalaga.

Parati namang minamatyagan ni Pop ang bawat tumatabi sa kanyang pasahero. Lalake man o babae. Lagi itong handa.

Kaya hindi masyadong nag-aalala si Gab habang nagmamaneho.

Panay naman ang sunod ng kotse ni Guian sa jeep. Kasama nito si Lester. Tila nagliliwaliw lang ang mga ito ngunit sa parehong ruta naman, at pabalik-balik pa ng ilang ulit.

Maagang iginarahe ni Gab ang jeep upang madalaw nila sa ospital ang tiyuhing naroroon na ng ilang araw. Sumama na rin sa kanila ang bagong bihis na si Pansy.

Pinabihis na rin ni Gab si Pop upang malinis itong makadalaw sa ama.

Sumama na rin sa kanilang magpipinsan ang mga barkada ni Gab dahil kilala na rin nila ang tiyuhin niya.

“Akala ko di mo na ako dadalawin, eh.”

Anang may edad na lalakeng nakataas ang paa dahil sa semento.

Ngumiti si Gab sa tiyuhin.

“Pwede po ba yun, tito? Si mommy, nagpunta na ba rito?”

“Oo naman. Alalang-alala nga siya, eh. Akala niya mamamatay na ako.” Pabrong anito.

“Itay naman.” Anang maganda’t mahinhing si Pansy. “Siyempre mag-aalala si tita dahil kapatid niya kayo.”

“Kumusta na ang Red Indian kong anak?”

Tanong na lang nitong ginulo ang buhok ni Pop.

“OK lang ako, itay. Sinamahan ko pa rin si ate Gab sa pagbiyahe kanina. Malaking kita namin. Kaya lang medyo lugi kami ng pamasaha sa isang tao, eh. Sumama pa kase ang kaibigan niya sa biyahe.”

Kwento pa ni Pop na sinulyapan si Francis nang pairap.

“Nag-aalala lang po kase kami kay Gab.”

Ang depensa nito sa sarili na pinandidilatan si Pop.

“Heto nga po palang mga prutas para sa inyo.”

Anang Guian na inilagay na sa isang mesita ang mga supot ng prutas na binili nila kanina.

“Salamat. Siyanga pala, Gab ipalipat n’yo na ako kahit sa Payward lang. Ayoko rito sa private room. Mahal dito. Wala akong pambayad dito,” pakiusap pa ng tiyuhin ng dalaga.

“Baket, sino po bang naglagay sa inyo rito?” tanong naman niya.

“Mommy mo.”

“Eh, di siyang magbabayad. Pinoproblema n’yo pa yan, eh.”

Nakatawang aniya sa tiyuhin.

“Mayaman kase kayo. Ako, hindi. Kaya...”

“Tito naman. Parang ibang tao kayong magsalita.”

Sumeryoso rin si Gab at hinawakan sa kamay ang tiyuhin.

“Si mommy na ang bahala sa inyo. Sa mga gastusin n’yo dito sa ospital at sa mga gamut. Sabi n’yo nga, mayaman si mommy. Kaya hayaan n’yo na siya kung anong gagawin niya sa pera niya, di ba?”

Kinindatan niya pa ang tiyuhin at nailling na napangiti na lang ito at hinalikan niya ang kamay nito.

“Sige, umuwi na kayo. At matatapos na ang oras ng dalaw. Si Pansy ko na lang ang bahala rito.” Anang tiyuhin niya.

“Sige po, tito. Pansy, bukas papalitan ka na lang ng isa sa mga katulong ni mommy rito, ha?”

“Kung magsalita ito, parang di n’yo katulong ang sinasabi mo. Sige, ingat kayo sa pag-uwi.”

Mahinang ani Pansy sa kanya at hinalikan siya sa pisngi.

“Isasama ko na si Pop. Bawal ang bata dito, di ba?”

Tinutuya pa niya si Pop pero ang ate nito ang kausap niya.

“Oo. Kaya, doon na muna siya sa inyo.” Anang tiyuhin niya.

“Hmp, ayoko ngang magpuyat dito.” Ang sabad naman ni Pop.

Napatawa naman ang mga barkada ni Gab dahil doon.

Sabay nang umalis ang lima at naiwan si Pansy sa ama.

Lulan silang lahat sa kotse ni Guian. Katabi nito si Francis. Saka sa likuran naman ay sina Gab, Pop at Lester.

Pinaglaro pa ni Lester si Pop sa kanyang laptop habang papauwi na sila para maihatid sina Gab at Pop sa bahay ng dalaga.

“Igawa mo naman ako ng laro ng mga Red Indians.”

Anang Pop habang nagpipindot sa keyboard.

“Sige ba. Pero medyo matatagalan pa yun. Baka sa summer na kita maigagawa kase busy kami sa finals namin. Malapit nang bakasyon, di ba?” ang sagot ni Lester sa bata.

“Oo nga pala.” Ngumisi dito ang bata.

“Kelan ba tayo maggo-group study?”

Tanong ni Francis na lumingon sa kanila sa backseat.

“Si Sean na yata ang madedesisyon. May sasalihan pa siyang tournament ng Tae Kwon Do, di ba?” anang Gab.

“Sus, inuna niya pa yun kaysa sa mga projects natin. Malapit na ang finals, ah.” Anang Guian na lumabi habang nagmamaneho.

“Alam n’yo na yun. Gusto niyon ng action.”

Nakangising anang Pop, na kilala naman si Sean.

Nagkatinginan silang apat na magkabarkada.

“Paano mo nalaman yun?” tanong ni Francis.

“Para namang di ko kayo kilala lahat, eh.”

Misteryosong sabi ni Pop.

“Ikaw,” turo pa ni Pop kay Guian. “Marunong kang magmotersiklo, kasama si ate Gab. Tsaka ikaw,” sabi ni Pop kay Francis naman, “Basketball player ka. At siya,” anitong bumaling sa katabing si Lester. “Computer Programmer.”

Tiningnan ng tatlong lalake si Gab. At kumibit lang ang dalaga.

Bumaba na silang magpinsan mula sa kotse at pumasok na sa bahay. Saka pa umalis ang kotse ni Guian.

Pupuntahan pa ng tatlong lalake si Sean upang kausapin ito.

Suportado ng apat si Sean nang maglaro ito sa tournament. Nasa Bantam Weight male category ito na-belong. Hanggang finals ay nakapasok din si Sean at nanalo bilang champion sa kategoryang iyon.

Kaya naisipan na naman nilang mag-celebrate sa paborito nilang restoran, kung saan unang nagkita sina Gab at Armond Louie.

“Bukas na tayo maggo-group study?” tanong ni Gab.

“Sa amin na lang. Kompleto na ang visual aids ko dun sa PC ko.” Anang Lester.

“Mabuti pa nga. Dahil ayoko munang makita si Pop.”

Bumuntong-hininga si Sean pero nakangisi naman.

“Di ka naman niya kakantiyawan kase nanalo ka.” Anang Gab na nakasimangot.

“Yun na nga. Alam kong magpapaturo yun sa akin ngayon bakasyon.” Pang-aalaska pa ni Sean.

“O, eh. Ano ngayon? Ayaw mo ba siyang turuan?” tanong ng dalaga sa kaibigan.

“Pag-iisipan ko pa. Kase, baka delikado ako sa mistulang Red Indian mong pinsan. Baka di na ako makapag-graduate next school year kung nagkataon.”

Natatawang tugon ni Sean sa kanya.

“Hus, kunwari ka pa diyan. Gusto mo namang mapalapit kay Pop dahil may gusto ka kay Pansy.”

Tudyo pa ni Francis nang bigla.

Natahimik ang lahat.

Nandilat naman ang mga mata ni Gab. Saka napatawa rin pagkatapos.

“Gusto mo ang pinsan ko, Sean?” tanong pa niya.

Hindi sumagot si Sean.

Matalim lang na tinignan si Francis na na-guilty naman at di makatingin sa black belter. Samantalang pilit na itinatago ni Lester ang amusement.

“Ba’t di ka sumama sa amin sa ospital para makita mo siya? Kung gusto mo, ilalakad pa kita, eh.”

Kampanteng ani Gab na ikinuros ang mga braso sa dibdib.

“Huwag na. Ako na’ng bahala.”

Matigas na anang Sean na seryoso ang mukha.

“Alam mo kase, matagal nang may gusto rin sa yo si Pansy. Kaya lang...”

“Gusto rin ako ni Pansy?” natutuwang tanong ni Sean.

“Di ko na inuulit ang sinasabi ko, di ba?” anang Gab.

At lalong kumislap ang mga mata ni Sean.

“Sabagay, ba’t pa ako makikialam sa inyong dalawa?” dagdag pa ni Gab.

Ngumisi naman ang iba nilang kaibigan.

“Ano nga palang mga paborito ni Pansy, Gab?”

Naitanong rin ni Sean at di mawala-wala ang ngisi nina Lester, Francis at Guian.

Ngumiwi naman si Gab bago sumagot sa kaibigan.

“Hmm... Pag-iisipan ko pa, ha.”

Chapter 5

Busy na si Armond Louie sa pagbabasa ng mga libro ukol sa business. Lalo na sa accounting at sa management.

Lihim namang natutuwa sa kanya ang kanyang ama. Pero di pa rin nawawala ang mga oras ng pagdarasal ng binata.

Paminsan-minsan ay bigla lang siyang nawawala at nagkukulong pala sa kanyang kwarto upang magdasal nang halos isang oras din.

Lagi pa rin siyang nagdi-discern sa sarili niya kahit nang lihim. Kung tama ba ang desisyon niyang sundin ang gusto ng ama at ito nga ba ang purpose ng kanyang buhay.

Sa tuwing naiisip niya ang pagbabalk eskwela sa university ay di naman niya maiwasang di lilitaw sa kanyang isipan ang isang mukha ng babae.

Ngunit pag ganito ang nangyayari ay ipinipikit niya ang kanyang mga mata at saka iniisip ang kanyang mga napagdaanan sa seminaryo.

“Baket gusto mo nang lumabas?” naitanong noon ni Father Arnel sa kanya nang magpaalam siya.

“Father, desisyon ko rin pong lumabas para sa ama ko. Ako na lang ang inaasahan niya sa family business naming. Gusto ko pa sanang manatili rito at magtapos hanggang magiging pari na ako katulad ninyo, binabagabag pa rin ako ng konsensya ko kung dapat tulungan ko si dad sa negosyo.” Napalunok pa siya pagkatapos magsalita.

“Armond, gusto ko pa ring isipin mong isang discernment pa rin ang gagawin mo kapag naroroon ka na sa labas. Dahil totoo ngang mahahati ang atensyon mo kapag nanatili ka rito pero ang isipan mo naman ay nasa labas din. Sige, payag ako sa desisyon mo. Huwag mo lang kalimutang magdasal palagi Dahil sa dasal, maririnig mo ang lahat ng kasagutan sa yo ng Diyos.”

Ipinakli ni Armond ang isang pahina at binabasa na naman ang content nito. Kelangang magiging advance siya upang madali niyang maintindihan ang mga subject na ito at saka oobserbahan niya ang pamamalakad ng kanyang ama habang nagsi-self study siya habang bakasyon pa.

Nagbibiyahe na naman si Gab ng jeepney kada Miyerkules at Linggo. Nagpapagaling pa rin ang kanyang tiyuhin sa nabali nitong paa.

Wala na ito sa ospital, kundi nanatili na ito sa bahay nito. At si Pansy ang nag-aalaga dito dahil bakasyon naman.

Natutuwa naman siya at di nababagot ang mga-tiyo niya kase dumadalaw sa mga ito si Sean na nag-uumpisa nang magpapalipad-hangin kay Pansy.

Agad iyong napansin ni Pop. Pero gusto man nito o hindi si Sean para sa ate nito ay di ito ipinakita ng bata.

Lalo namang medyo nagdadalawang-isip si Sean sa pagtuturo kay Pop ng martial arts. Ngunit ini-assure ni Gab na hindi siya sasaksakin nang nakatalikod ni Pop.

“Huwag ka ngang magbibiro nang ganyan. Napaka-barbaric pa naman ng mga Red Indians.” Sabi pa ni Sean.

“Pero napaka-loyal naman nila sa kanilang pamilya at mga kaibigan.” Sabi naman niya sa kaibigan.

Di na siya pinayagan ng kanyang mommy na magbiyahe hanggang gabi. Hanggang alas-singko lang siya at gagarahe na dapat.

Kaya sa mga oras na iyon ay pagarahe na si Gab nang mapahinto siya sa red light.

Napatapik-tapik lang siya sa kanyang manibela at napatingin sa kotseng asul na nasa tabi ng kanyang jeep, sa bandang kanan.

Nandilat ang kanyang mga mata nang makita si Armond Louie. At di niya akalaing mapalingson din ito sa kanyang direksyon.

Wala siyang ibang maisip kundi ang ngitian ito't kindatan.

Sumimangot pa nang konte ang lalake dahil di siya agad nito nakikilala. Kaya kinindatan niya itong muli at ibinalik na niya sa kalsada ang atensyon bago pa niya makita ang reaksyon sa mukha ng lalake.

Bahagyang napangiti si Armond Louie.

Pero di iyon nakita ni Gab. Nagtaka pa naman siya kung ba't siya kinindatan ng driver ng jeep. Nang maalala niya kung sino ang nag-iisang taong gumagawa sa kanya niyon.

Di siya makapaniwalang nagda-drive din pala ito ng jeepney. At sa araw na Linggo pang ito. Kagagaling pa niyang magsimba. At papauwi na siya para makahabol sa dinner engagement ng kanyang ama na isasagawa sa sarili nilang bahay.

May ipakikilala daw itong babae sa kanya mamaya.

Di naman niya maintindihan kung ano na naman ang plano ng kanyang ama ngayon. Para sa kanya'y tama na ang mag-aral siya tungkol sa business at hahawakan ito in the future.

Pero ang posibleng marriage na di niya kailangan o gusto man lang, it's out of his bounds! God forgave him. Susuwayin na niya ang ama sa pagkakataong iyon.

Marriage is a sacred bond. Kahit sila'y tinuturuan niyon sa seminary.

"Hello."

Sagot pa niya sa kanyang cellphone nang tumunog ito.

Ang ear phone ang kanyang ginagamit dahil sa nagmamaneho siya.

“Bro, hi. Kita nga pala tayo mamaya sa inyo. Ewan ko ba Inimbitahan ako ng dad mo dun.”

Narinig na lang niya ang boses ni Gander sa kabilang linya.

“Oh. I see. That’s good. At least I’d feel a little better when I face a girl dad’s going to introduce to me.” Seryosong aniya.

“Oh, wow. Talaga ba? Well, tignan lang natin.”

Natatawang ani Gander.

“Pero mukhang wala ng ibang papalit sa babaeng gusto ko, eh.”

“Mabuti naman sa yo. Nakita mo na siya.” Ani Armond.

“Well, maybe. Sige, kita na lang tayo mamaya.”

Kinuha na niya ang ear phone mula sa tenga at nagpapatuloy sa pagda-drive pauwi.

Naisip na naman niya si Gab. Muntik na niyang di ito makilala kanina dahil sa bonnet at baseball cap na suot nito. Naka-jacket pa rin ito ng maong na tila ba paborito nitong get-up.

Makapasa ito bilang driver kung siya ang tatanungin. At napahanga siya.

“Pansy!”

Tawag pa ni Gab nang maigarahe na ang jeep sa likod ng bahat ng kanyang mag-tiyo.

Napatigil siya nang makitang kausap ng pinsan si Sean, nang sarilinan sa sala. Napatutop siya at napangisi nang lihim.

“Sorry. Di ko kase alam na andito si Sean. Babalik na lang ako mamaya.” Aniyang tumalikod na.

“Gab, I was about to leave.”

Tumayo si Sean mula sa sopa at sumunod naman si Pansy.

“Paalis na rin siya, Gab,” mahinahong anang Pansy sa kanya.

“Ah, ganon ba? Sorry, di ko kase nakita ang kotse ni Sean. Kaya di ko alam na andito siya.”

Paliwanag naman niyang humarap uli sa dalawa.

“OK lang. Nag-taxi kase ako, Gab. Kase... nasiraan ang kotse ko.” Saad pa ni Sean na kumumpas.

“Eh, andiyan ang bike ko. Pwede mong gamtin kong gusto mo.”

Offer pa niya.

“Huwag na. Alam kong mag-eensayo pa kayo ni Guian mamaya, eh.” Anang Sean.

Tumango na lang siya at umalis na si Sean.

Bahagya pang lumingon si Sean bago tuluyang umalis. At kumaway lang si Pansy sa lalake.

Napasandal si Gab sa may pintuan nang kurus ang mga braso. Nakangiti siyang nakatingin sa kanyang pinsan na paganda nang paganda sa bawat araw na lumilipas.

“Kayo na ba ni Sean? Hindi ako magagalit, promise. Matutuwa pa ako kung kayo na.” aniya sa pinsan na nag-cross sa kanyang heart.

Napatawa nang mabini si Pansy at umupo sa sopang kinauupuan kanina. Nasa baba naman ang tingin ng mga nito.

“Mabait si Sean, di ba, Gab?” anang Pansy.

“Oo naman. Basta hindi lang kinakatok. I mean, mabait talaga siya. Basta wala lang masasaktan na mahal niya sa buhay. Dahil kung meron, siguradong duguan ang sinumang taong nananakit dito.” Turan naman niya.

Napakagat-labi siya.

“Alam ko. Kase, may nagtangka sa akin kanina mula nang mag-grocery ako. Diyan sa may labasan? Eh, naratnan ni Sean. Kaya nakabugbog siya dahil sa akin.”

“Hindi halata.”

“Kase, walang kalaban-laban sa kanya yung dalawang tao.”

“Ke liwanag, may nagtangka sa yo? Diyan sila nagkamali.”

Ngumising aniya at tumabi sa pinsan sa pag-upo.

“Yun na nga ang sabi niya. Siyanga pala, ba’t parang excited ka kaninang tawagin ako?” pag-iiba pa nito.

“Ah... kase... nakita ko ang crush ko kanina. Pero, alam mo kase, di ko alam kung gusto niya rin ako. Napakaseryoso kase niya at nalaman ko, ex-seminarian siya. Nahihirapan akong magpapansin.”

Kwento pa niya sa pinsan. Ito lang ang tanging babaeng kanyang nakakasundo maliban sa kanyang ina.

Napatawa si Pansy sa kanya.

“Alam mo, alam ko rin na alam mo kung anong gagawin diyan, eh. Pero ang alam ko kase, Gab. Ang mga lalake gusto nila yung mga babaeng-babae. At least, sa pagkakaalam ko. At sa naoobserbahan ko rin. Pero, kung gusto mong malaman kung gusto ka rin niya, baket di mo subukang ibahin ang ayos mo, ang kilos mo...”

“Pansy, sinasabi mo bang kelangan ko ng huwag mag-bike, huwag mag-jacket after sa sleeveless ko, at huwag mag-hang-out sa mga kaibigan ko? That’s very impossible for me to do. Well, at least the second is not so bad...” kinokonsidera din naman niya iyon.

“Kita mo? Tsaka... ang alam ko, mahal ka ng iyong mga kaibigan. Maiintindihan ka nila at siguro... matutulungan ka nila in some ways, di ba?.”

“Ah, alam ko na ang gagawin ko. Thanks.”

Aniyang ngumisi at tumayo na.

“Pupuntahan ko lang sa kwarto niya si tito.”

“Sige. Pero nanonood siya ng paborito niyang palabas ngayon, eh.” Sabi ni Pansy.

“OK lang.”

Tatalikod na sana siya nang tinawag siya ng pinsan.

“Gab, sinagot ko na si Sean.”

Nasa baba ang mga mata ni Pansy nang may dreamy smila sa mga labi.

“Talaga?” excited na aniya. “Natutuwa ako para sa inyo. Mabait talaga si Sean at gustong-gusto ka niya. Makakaasa kang hindi ka niya sasaktan, Pansy.”

“Sasabihin mo ba kay itay?” alalang anito.

“Kung ayaw mo, eh di wala akong sasabihin.”

“Hindi naman sa ganon. Pero, wag muna ngayon. Pwede ba?”

“Sure.” Promise pa niya.

“Pati rin kay Pop?”

Napamaang siya.

Di niya akalaing pati kay Pop ay ililihim muna nila ang relasyon nila ni Sean.

“Baket? Di naman niya sasaksakin si Sean sa tagiliran kung sakali, di ba?”

“Hindi naman siguro. Pero gusto niyang ligawan ako ni Sean sa Red Indian way.”

Napatawa si Pansy na sumagot sa kanya.

Chapter 6

Nabigla man si Gander nang makita si Danica sa bahay ng ninong ay di niya ito ipinakita.

“This is Danica. Danica, my son Armond Louie and my godson, Gander.”

Pakilala pa ni Mr. Somera.

“Magkakilala na kami, dad.”

Anang Gander na tinatawag ring dad ang ninong, ang ama ni Armond Louie.

“Hi.”

Tanging nasabi ni Armond, ni hindi man lang nakipagkamay sa magandang babaeng nasa harapan nila ni Gander, at katabi ng kanyang ama.

“Akala ko, ilang business associates ang kasama n’yo ngayon, dad.” Anang Gander kay Mr. Somera.

“Ah, hindi. Siya lang ang inimita ko dito dahil nagkataong nagkasakit ang parents niya na imbitado sana ngayon. And I can’t cancel such invitation.”

Paliwanag pa ni Mr. Somera. But Armond Louie knew better.

“Kilala ko na si Gander. Sikat siya sa university namin, Mr. Somera... este, tito.”

Nakangiting anang Danica na sinulyapan ang ama ni Armond Louie at ibinalik sa kanya ang paningin nito pagkatapos.

“I see. So this is getting better. Kilala n’yo pala ang isa’t isa.” Anang may edad na lalake.

Saka nagtungo na sila sa dining room kung saan pinagsilbihan sila ng tatlong katulong.

“So, Gander anong tingin mo kay Gabrielle?”

Biglang naitanong ni Danica habang kumakain sila ng dinner.

“Gabrielle?”

“Yes. Si Gab. Barkada ni Francis, na kasama mo sa basketball team?”

Nagkatinginan sina Gander at Armond Louie.

“Kilala mo siya?” tanong ni Gander.

“Yes. Since high school, in fact. Di mo pa ba alam ang sekreto niya?”

“Danica, may I interrupt?”

Anang Armond upang matigil na ang babae sa anumang gusto nitong masamang sasabihin tungkol kay Gab. It so happens na alam na niya ang ibig sabihin nito.

Pero paano nito nalaman ang sekretong iyon?

“Sure. What is it?”

“Nakita ko ang finals nila ni Gander sa Astrodome. Napanood mo ba iyon?”

Nagtaka naman si Gander sa pag-iba niya ng subject.

Di ito makapaniwalang nakipag-usap na talaga sa babae ang ex-semiarian na kinakapatid.

“Why, yes! I-I’ve been there. It... It was such a nice game.”

Napilitiang ngumiti si Danica.

Pero agad nalaman ng dalawang lalake na di nakapanood ang babae sa larong iyon. Hindi ito mahilig sa sports. Kundi sa mga pambabaeng bagay lamang.

Hindi ito katulad ni Gab. Di ito katulad ng cheering squad. Ang mga babang katulad nito ay boring, naisip pa niya. Saka biglang pinigil ni Armond Louie ang sarili.

Ba’t kaya siya nag-uumpisang magkompara ng mga tao?

“A-ahm, tito. Nasabi n’yo na sa aking mag-aaral si Armond Louie sa university this opening of classes.”

“Oo, iha. Dahil siya na ang magma-manage ng family business namin in the very near future.”

Ang tugon ng may edad na lalake na walang nahahalatang anuman.

“Pareho pala kami ng kapalaran ni Armond. So, Armond pwede kitang matulungan sa mga schedules mo at sa mga paborito kong professors...”

“Salamat.” Mabilis na anang binata.

“Danica, I suppose ako na ang bahala kay Armond. Napagkasunduan na namin ang tungkol diyan. Kaya... wag ka ng mag-aalala tungkol diyan.”

Ang sabi ni Gander na si Armond ang sinulyapan pagkasalita.

“No. It’s no bother to me, Gander. I just wanna help. At saka I don’t...”

“Gander is right. And it is not good that we’re seen together when we don’t know each other very well. I’m sorry for putting it that way, Danica.” Polite na anang Armond Louie.

Napamaang si Danica. Di ito makapaniwalang iisnabin ang beauty nito ng isang ex-seminarian. Di ito makapaniwalang mas preferred ng lalake ang kinakapatid kaysa sa company ng isang babae. Ng isang magandang babaeng katulad niya.

Napatingin si Mr. Somera nang matalim sa anak. Pero umiiling lang si Armond at di na nagsasalita pa.

Pinilit na lamang ni Gander na mapagaan ang atmosphere sa hapag-kainan hanggang sa matapos na ito.

“I can’t believe it. Kakilala niya si Danica.”

Nasabi pa ni Gander nang maipahatid na ni Mr. Somera sa kanyang driver ang dalaga sa bahay nito, sa gabing iyon.

Nasa terrace at umiinom ng punch ang dalawang binata habang galit nang nagretiro sa kwarto nito ang ama ni Armond.

“Baket, sino ba ang babaeng iyon?”

“You should not be seen with that woman. She’s troublesome. Sinubukan nga niyang tuyain sa canteen si Gab months ago. Pero si Gab, siya ang lumabas na bida dahil sa pang-iinsulto ni Danica.”

Nagiging interesado din si Armond Louie kahit papaano.

“It’s like you admire Gab, bro.”

Seryosong obserba pa niya sa kinakapatid.

“In a way. I never noticed her since that day at the canteen. She said good luck to me, particularly.”

Kumibit na anang Gander.

Stupid, naisip pa ni Armond Louie sa kinakapatid.

Ang tamang lalake ay dapat napapansin na si Gab unang pagkakita pa lamang. Katulad ng nararamdaman niya noong nakabangga niya ito sa restoran.

“I see.”

“Nakausap mo na si Gab. During our final game, di ba?”

Anang Gander sa kanya.

“Oo. Pero hindi masyado.” Turan pa niya.

“Dahil inisnab mo siya kahit naging friendly siya tungo sa yo. Di ba tama ako?”

“Gander, ayoko munang mapalapit sa kahit kaninong babae. Dapat tandaan mo yan.”

“Pero inilapit ka nga ni dad kay Danica. Why hold yourself against the temptation?”
nakangising anang Gander.

“Bro, it’s a temptation as you say. Kaya dapat lalayo ako.”

“Wala ka na sa loob ng seminary, Armond. Andito ka na sa labas at napapabilang ka na sa amin sa ayaw mo man at gusto. Kalaunan, tatanggapin mo rin ito nang maluwas sa dibdib mo. Lalo na’t matatagpuan mo ang isang babaeng magpapatibok ng puso mo. Now, don’t interrupt me,” anang Gander nang magsasalita sana si Armond. “May mga pari ngang lumabas dahil nag-asawa sila. Ikaw pa kaya na isang ex-seminarian lang?”

“Life doesn’t have to be like that.”

Ipinaglaban pa rin ni Armond ang kanyang sariling paniniwala.

“One can live in harmony with the others without such intimate relationship.”

Napatawa si Gander sa narinig.

“Wait ‘til you fall in love, bro!”

Tinapik pa siya nito sa balikat nang nakatawa.

“Why, are you in love yourself, Gander?”

Seryosong tanong niya.

Natigilan naman ang kausap. At napatingin sa malayo.

“I suppose I am. She’s very unique from the others. She’s not a flirt. She’s sporty. She’s nice...”

“Mukhang lahat ng positive adjectives sa dictionary kukunin mo na kaya para i-describe sa kanya, Gander.”

Biro pa ni Armond nang di nakangiti.

“Maybe. I suppose I’ll be doing that.”

“And who is she if I may ask? That is, if you want to let me know, too.”

Ani Armond na nilagok ang laman ng kanyang baso.

“We’ve just been talking about her.”

Nakangiting anang Gander. Pero di nito sinabi ang pangalan.

Kaya nagtataka si Armond. Sino ba talaga? Si Danica o si Gab?

Imposibleng si Danica naman dahil kinontra ito kanina ni Gander, katulad ng ginawa niya.

Linggo.

Nasundan ni Gab ang asul na kotse ni Armond Louie. Binusinahan niya ito.

At bumusina na rin lang ito bilang ganti sa kanya.

Nginitian niya ang lalake bago siya nag-overtake dito.

Seryoso pa rin ang mukha nito ngunit tumango ito sa kanya. Alam na niyang kilala na siya ng lalake kahit sa driver-get-up niyang ito. At natutuwa naman siya.

Nang napilitan siyang huminto dahil sa red light ay nahabol din siya ni Armond Louie. Sinenyasan niya itong ibaba ang window nito.

At ginawa naman ito ng lalake.

“Sa restoran. 7:30 tonight.”

Aniyang nakitang sumimangot ang lalake.

“Hihintayin kita.”

Patuloy pa niya at kinindatan ang lalake bago pinahaharurot na naman niya ang jeep para gumarahe na sa mga oras na iyon.

Napasimangot si Armond Louie.

Ano kaya ang pakay ng babae sa kanya at inimbitahan siya nito? Naitanong pa niya sa sarili saka napabuntong-hininga na siya habang binabaybay ang kalsada pauwi sa kanilang bahay.

“Pansy!”

Tawag niya sa pinsan pagdating sa bahay.

“Ano na naman?”

Tanong ni Pansy na kasama si Sean sa sala.

“Halika dito sa labas.” Aniyang nakangisi pa rin. “Sean, diyan ka lang sa loob. Sa amin lang ito. OK?”

Mukhang nasaktan si Sean pero di niya ito pinansin. At napabaling ang atensyon nito nang lumabas si Pop mula sa kwarto nito.

“Jogging tayo bukas?” tanong ni Pop.

“Ano?” aniya sa bata.

“Kako jogging tayo bukas.”

Napaismid si Sean rito.

“Saan?”

“Quezon Circle lang.”

“Pag-iisipan ko pa.” Nakasimangot na aniya sa bata.

“Baket?”

“Baka may gagawin ako bukas.”

“Tulad ng?”

“Ba’t andami mong tanong?”

“Masama ba?”

Napabuntong-hininga si Sean sa inis.

“Hmm... baka akala mo di ko alam?” anang Pop na umupo sa tapat na sopa.

“Ang alin?”

“Na kayo na ng ate Pansy ko. Gusto mo bang sasabihin ko na sa itay namin?” Taas-ngusong banta pa ng bata.

Nandilat ang mga mata ni Sean. Iba-blackmail pa siya ng isang batang katulad ni Pop.

“Eh, sige. Jogging tayo bukas. Anong oras ba gusto mo, ha?”

Napangisi rin ang bata sa kanyang sagot.

“Tanghaling tapat.”

Lalong nandilat ang mga mata ng lalake.

“Sabi nila, maganda pag tanghaling tapat. Yun ang pinakamagandang exercise para lalong madadagdagan ang stamina, di ba?”

“Ba’t ang dami mong alam?” Inis na tanong niya sa bata.

“Baket ba?”

Pabulong pang tanong ni Pansy nang nasa labas na silang dalawang magpinsan.

“Ano bang pwedeng isuot na casual lang para sa date?”

Seryosong tanong niya sa pinsan.

“May date ka?”

Di makapaniwalang tanong ni Pansy.

“Magtatanong pa ba ako kung wala?” Nababagot na niya.

“Sige. Nakuha ko na. First date mo?”

“Siyempre naman!”

“Alam na ba nina Sean?”

“H-hindi. Pero... malalaman din nila pagkatapos. Wag mo munang sabihin sa kanila.”

“Well, ang pwede mong isuot, yung fitting jeans mo lang. Tapos simpleng blouse lang. Pwede na ang sleeveless.” Sabi ni Pansy.

Chapter 7

Nag-iisip si Gab kung ano ang dapat niyang isusuot sa ini-advise sa kanya ng pinsan. Yung di pa niya nagagamit ang gusto niyang isusuot.

At nang makita ang nais ay nag-shower na siya at nagbihis pagkatapos. Pinalugay na lang niya ang kanyang lampas balik at nag-apply ng lip sheener at konteng pulbo lamang.

Naisipan niyang mag-taxi na lamang upang hindi buhaghag ang buhok niya pagdating sa restoran.

Pero kinakabahan siya sa ginagawa niyang ito. Paano kung hindi naman darating si Armond Louie doon? Para lang siyang tangang maghihintay doon na puputi ang mga mata.

Nakita pa naman niya ang itsura ng kanyang ina nang makita siyang bumaba ng hagdan. Noon pa niya nakitang maganda ang pagkakangiti nito.

Kahit di na siya tinanong nito kung saan siya pupunta ay binilinan lang siyang mag-iingat sa sarili niya.

Tinatambol-tambol niya ang mga daliri sa mesang kanyang kinapupuwestuhan. Wala pa namang 7:30 sa relo niya. Pero three minutes na lang ang kulang.

Hindi kaya darating ang lalake? Nataranta ang isipan niya.

Umorder pa siya ng kape na lalong ikina-tense niya dahil sa caffeine. Tahimik niyang minura ang kape nang mapaso ang kanyang dila.

Muntik pa niyang matilapon ang lahat ng laman ng tasa dahil doon.

“Galit ka ba dahil malapit na akong ma-late?”

Biglang narinig pa niya ang boses ni Armond Louie na umupo sa tapat niya.

Napangiti nang matamis si Gab kahit sa lakas ng pagkabog ng kanyang dibdib nang makita ang magandang lalake.

Pero seryoso pa rin ang mukha nito.

Kelan kaya niya mapatawa ito? Kelan niya kaya masisilayan ang ngiti sa mga labi nito? At pinamulahan sya nang malamang alam ng lalake kung ano ang tinititigan niya.

“Sorry.”

“Wala yon.”

Nakuha naman ng lalake ang ibig sabihin niya.

“Baket mo nga pala ako inimbitahan dito?”

“Buti at di mo nakalimutan kung saan tayo unang nagkita.”

“Wala na akong ibang restoran na alam na pwede nating pagtagpuan.”

Lumapit sa kanila ang isang waiter at nag-order na sila. Pagkaalis nito ay nagkatitigan sila nang isang saglit.

“Gusto kitang makausap.”

Sabi pa ni Gab na napatingin sa table cloth.

“Tungkol saan?”

Kuryusong tanong ni Armond Louie.

“Ah... kahit na ano.” Parang natarantang aniya. “Religion? Kung gusto mo...”

“Religion.” Mahinang anang Armond Louie. “Anong relihiyon mo, Gab?”

“Ah, Katoliko.” Napatingin siya sa lalake.

“Nagsisimba ka ba tuwing Linggo? Tuwing pista opisyal sa simbahan...?”

“Ah, paminsan-minsan.” Amin pa niya. “Pero kung gusto mo, magsisimba na ako araw-araw.”

“Gab, kelangang galing sa puso mo ang pagsisimba. Dahil ang Diyos ang sadya mo.”

Napalunok ang dalaga.

“O, eh... gagawin ko yun. Magagawa ko yun.”

Tumangong anang Gab.

Napangiti nang bahagya si Armond kahit papaano. Talagang kakaiba si Gab sa lahat ng nakilala niyang mga babae.

Nang dumating ang kanilang order ay natatahimik sila.

At hinawakan ng lalake ang kanyang kamay para magdasal silang dalawa sa pagkain.

Napatingin si Gab sa nakapikit na lalake. Nag-kurus din siya katulad nito pagkatapos ng dasal.

“Enrolment na next week, di ba?” ang sabi ng lalake.

Tumango siya habang ngumunguya ng kanyang pagkain.

“Baket mo alam?” tanong niya pagkatapos.

“Magi-enrol din ako sa university n’yo. Katulad ng kurso ni Gander.”

“Ah, ganon ba?”

“Oo. Graduating ka, di ba?”

“Oo. Judetic Engineering ang kurso ko.”

“Ah, engineering din pala. Pareho tayo ni Gander. Kaya lang Electrical ang sa amin. Pangalawang kurso na ni Gander ang BBA. At tila di niya maiiwan ang team ng basketball. Nasa varsity din siya sa unang university na kapwa namin in-attend-an noon.”

“Ikaw, sabi mo mahilig ka sa basketball.”

“Oo. Kasama ko si Gander sa varsity noon. Naglalaro din ako nung nasa seminary pa ako.” Turan ng lalake.

“Talaga? Gusto kitang makitang maglaro.” Excited na aniya.

“Pag may pagkakataon ako. Kaya lang busy ako sa pag-aaral kahit ngayon pa lang. Pasensya ka na.” Anang lalake.

Napababa siya ng tingin.

“Baket ka lumabas ng seminaryo?”

“Gusto ko lang.” Maikling tugon ng binata.

Inihatid siya ni Armond Louie sa kanilang bahay. Nagpasalamat siya sa lalake pagkababa niya. Pero nalungkot siya sa sinabi nito pagkatapos.

“Ayoko nang iimbitahan mo akong lumabas.” Anito.

“B-baket?”

“Dahil ayoko. Ayokong mapalapit sa kahit kaninong babae... lalo na sa yo.”

Pinasibad na ng lalake ang kotse nito kahit di pa nito nakitang pumasok sa gate si Gab. Nangingilid ang luha niyang pumasok sa loob at deretso na siya sa kanyang kwarto.

“Gabrielle Marie. Kumusta ang lakad mo, anak?”

Tanong pa ng kanyang ina ngunit di niya ito pinansin.

Nagtataka naman ang kanyang ina kaya sumunod ito sa kanyang kwarto at nakita siyang umiiyak.

“Anak, baket ka umiiyak? Akala ko pa naman masaya kang uuwi ngayon.” Malungkot ring sabi ng ina na nag-aalala sa kanya.

“Mommy, di niya ako gusto.”

“Sinabi niya yun sa yo?” Parang na-eskandalo ang kanyang ina sa narinig.

“H-hindi.”

Nag-iisip din siya. Di nga yun sinabi nang deretsahan ni Armond Louie sa kanya.

“P-pero ayaw niyang mapalapit sa akin, mommy. Ang sakit ng sinabi niya sa akin, mommy. Ngyoan pa nga lang ako... nakipag-date, eh. Tapos... tapos...”

Hinagod ng kanyang ina ang kanyang likod habang nakasubsob siya sa kanyang unan.

“Huwag mo siyang pakikinggan. Kung talagang gusto mo siya, hahabulin mo siya. In other words, ikaw ang manliligaw sa kanya. Kung sasabihin niya sa yong wala ka talagang pag-asa, then maybe that’s the time to let go, Gabrielle Marie. Hindi kapalaran ng isang babae ang magiging malungkot habang-buhay dahil sa isang lalake.”

Napatingin siya sa kanyang ina.

“Baket, di po ba malungkot kayo dahil sa pagkamatay ni daddy?”

“Nalungkot ako noong una. Pero hanggang doon lang talaga ang pagsasama namin, anak. Kaya, pinakawalan ko na ang kalungkutan sa dibdib ko. Dapat yun din ang gagawin mo kapag nabigo ka sa lalakeng iyan. Anyway, bata ka pa at alam kong may marami pang magkakagusto sa yo.”

“Pero mahal ko na siya, mommy. Ayokong mabigo sa kanya!” matigas na aniya.

“Well, as I’ve said, pursue his love until you win him over.”

“Mommy, yan na ang ginagawa ko. Ako pa nga ang nagyaya sa kanyang lumabas kami ngayon.”

“Well, try harder!”

Nagkita sa unang araw ng enrolment ang limang magkakabarkada. Natigilan sila nang makitang nakapalda at sleeveless si Gab.

Napa-whistle si Guian.

“Wow, ganda!”

Napasimangot si Gab.

“Mahal mo ako, kaya sinabi mo yan.”

Pabulong na aniya rito, pero naririnig naman iyon ng lahat niyang kabarkada.

“Oo naman. Pero maganda ka talaga.”

Pinaninindigan pa rin ni Guian ang nasabi.

“Nag-taxi ka ano?” anang Sean na nakangisi.

“Nag-jeep. Andon sa labas naka-park.” Ngumising aniya.

Parang na-eskandalo sa kanilang narinig ang apat.

“Gab, pwede ba...?” anang Sean.

“Halika na. Pa-enrol na tayo.” Impatient na aniya.

“Wait. Look who’s coming.”

Bulong pa ni Lester na lumapit sa kanya na nakatungo lamang.

Napatingin si Gab sa paparating na si Danica at ang dalawa nitong kasama noon sa canteen.

Nakangisi pa ang babaeng tila may ikinatutuwang nakikita sa mga sandaling iyon.

“Gab! Wow, you look fabulous!” sabi pa ni Danica sa kanya.

“Thanks, Danica. Akala ko hindi kita makikita today.”

“Well, nagkamali ka obviously.” Nakatawang ani Danica. “Diyen na kayo. Andito na ang fiancé ko.”

Napamaang siya nang makitang nilapitan nito si Armond Louie na kasama si Gander.

“Ano? Ano yung narinig ko?” nakasimangot na tanong ni Francis kay Gab. “May fiancé na ang babaeng iyon?”

“Hindi ako naniniwala sa kanya.”

Sabi pa ni Gab sa sarili pero narinig iyon ng apat na lalake.

“Wag ka ngang maniwala sa kanya. Tignan mo nga, ni di siya halos pinapansin ng dalawang crush mo.”

Anang Lester na nakasimangot ang mukha saka ini-adjust ang salamin sa mga mata.

“Armond!”

Biglang tawag pa ni Gab na nagmamadaling lumalapit sa lalake at di pinansin si Gander, na namanghang nakatingin sa kanya.

Nagkatinginan din ang apat na lalakeng sumunod din para protektahan si Gab kung saka-sakali.

“Gab.”

Mahinang anang Armond sa kanya nang walang emosyon na makikita sa mukha. Pero tinignan siya nito mula ulo hanggang paa.

“I-I enjoyed our dinner last week.” Nasabi rin ni Gab.

Puro napamaang ang lahat na nakarinig noon.

Wala kase sa kanilang lahat na nakarinig tungkol sa paglabas nilang dalawa noong isang linggo.

Pilit pinakampante lang ni Gab ang sarili at di ipinakita ang kanyang tension sa pagharap kay Armond.

“That’s good. Excuse us, kelangan pa naming magpunta sa department namin, Gab.”
Ang tugon ni Armond Louie.

Takot pa naman si Gab na iinsultuhin siya ng lalake pagkatapos ng babala nito sa kanya noong pagkatapos ng date nila.

Tumango lang siyang nakangiti at tinapunan nang matagumpay na tingin ang napamaang pa ring si Danica.

“You didn’t tell me about it, bro.”

Pilit pinapagaan ni Gander ang boses nang magsalita habang papalayo na sila sa grupo ni Gab.

“It wasn’t worth telling.”

Chapter 8

“May nabalitaan akong nililigawan ni Francis ang isa sa mga members ng cheering squad.”

Sabi ni Lester isang araw na naglalakad sila sa pasilyo patungo sa susunod nilang klase.

“Ah, kaya pala di natin siya kasama ngayon.” Sabi ni Guian.

“Tama ang ginagawa ni Francis.” Sabi ni Gab.

“Anong tama? Ni hindi siya nagpapaalam sa atin. Buti pa si Sean at sinasabi niya kapag bumibisita siya kay Pansy.” Reklamo pa ni Guian.

“Iba kase iyon. Gf na ni Sean ang pinsan ko.” Anang Gab. “Di ba kayong mga lalake, mas gusto n’yong maging pormal na at sure na bago ninyo ipinakikilala ang babae sa barkada o sa mga magulang ninyo? Yun din ang ginagawa ni Francis.”

Di nakakibo ang tatlong lalake.

“Isa pa, kelangan man niya ng approval natin o hindi... kung gusto niya talaga ang babaeng iyon, wala tayong magagawa doon. Katulad na lang ni Sean at ni Pansy. Di ba?”

“Iba si Pansy. Mabait naman siya. Kaya wala kayong problema sa kanya. At pinsan mo pa siya.” Sabi ni Sean na bumaling kay Gab.

“Sabagay. Pero alam na ni Francis kung anong mabait sa hindi.” Sagot naman niya.

At nagsikibit-balikat na lang ang dalawa pang lalake.

“Kumusta na nga pala ang panliligaw mo kay Armond, Gab?”

Biglang naitanong ni Lester nang pumasok na sila sa kanilang classroom.

“Wala pa rin. Nag-iisip pa ako ng ibang strategy na mapapansin niya ako.” Nakasimangot na aniya.

“Ano kaya kung padadalhan ko siya ng email? Pwede kong malaman yun.” Nakangising anang Lester.

“Sige. Kung gusto mong tumulong. Kapag nagawa mo na, salamat in advance.”

Ngumiti na rin siya sa kaibigan.

“Ako’ng bahala. Gagawa lang ako ng original na greeting card at isi-send ko sa kanya yun. Pwede rin akong maghanap ng mga magagandang mensahe para isulat doon. Di ba ayos ang ideya ko?”

Nagkatinginan sina Sean at Guian nang niyakap bigla ni Gab si Lester at hinalikan sa pisngi. Saka hinalikan rin niya si Guian. Nang akma niyang hahalikan si Sean ay umatras ang black belter.

“Baka may makakita sa atin at isusumbong ako kay Pansy.”

“Hus, natatakot ka pa, eh. Alam na ni Pansy ang ginagawa natin.”

Nakatawang aniya pero di na hinalikan ang binata.

Namumula naman sa hiya sina Lester at Guian dahil nakatingin sa kanila ang lahat ng mga babae na nasa classroom nila.

“Please don’t do it again in public.”

Bulong pa ni Guian kay Gab nang umupo sila sa kanilang upuan.

Ngunit kinindatan ni Gab ang kaibigan nang nakangiti.

“Guys, hindi ko boyfriend ang isa sa kanilang tatlo.”

Announce pa niya sa buong klase at lalong nanliliit ang mga lalake maliban na lang kay Sean na natutuwa sa sinabi ni Gab.

Late na si Armond pagtingin pa niya sa kanyang relo.

Nahuli siya dahil sa may iniharang na kahoy sa parking space na dati'y kay Gab na pagmamay-ari.

Di niya alam kung sino ang naglagay ng malaking kahoy na iyon doon. At kelangan pa niyang kausapin ang janitor at ang gwardiya tungkol doon dahil di iyon napansin ng mga ito.

At sobrang di welcome sa kanya ang sight ni Gab na paparating sa kanyang direksyon. Katulad ng suot nitong dilaw na tube at mahabang palda na diagonal stripes na kulay dilaw at puti ay maliwanag ang mukha nitong nakangiti sa kanya.

“Di mo ba ako nakita?” nakangiting tanong ni Gab.

Napatitig si Armond Louie sa dalaga.

Sa tuwing nakikita niya ito ay paganda naman ito nang paganda. Pero ewan ba niya. Pinipigil pa rin niya ang sariling wag humanga dito.

“Pwede bang mangyari yon? Sa kulay ng suot mo, kahit tatawid ka pa ng EDSA ay hindi ka masasagaan.”

“Hindi mo gusto ang suot ko?” nawala ang ngiti ng dalaga.

“Hindi. And I'm late. Please excuse me.”

Ni di man lang siya napagdudahan nitong siya ang may pakana ng pagka-late nito. Dahil may binayaran siyang ilang estudyante para lang maglagay ng malaking kahoy sa parking space nito.

Tinalikuran na siya ng lalake pero sumusunod pa rin siya dito.

“Armond, hindi ko na ito isusuot kahit kelan.”

Ngunit di naman kumibo ang lalake.

“A-at saka... nagsisimba na ako. Sa katunayan nga, nakita kita noong isang Linggo. Doon ka pala palaging nagsisimba? Hihintayin din kita sa canteen mamayang lunch. OK lang ba sa yo yun?”

Tumigil ang lalake sa paglalakad. Tinignan nito ang maamong mukha ni Gab na nagsusumamo sa kanya.

“Titignan ko kung wala akong ibang gagawin. Huwag mo na akong sundan, Gab. Pakiusap lang.”

Biglang nabuhayan ng loob ang dalaga.

Bigla na lang siyang tumiyad at hinalikan sa labi si Armond Louie. Nakita iyon ng ilang estudyanteng nasa paligid. Pero walang pakialam ang dalaga. Magtsi-tsismis na sila kung gusto nila. Kahit hanggang sa matutuyuan sila ng laway!

“Hihintayin kita sa canteen mamaya.”

Aniya at iniwan na ang lalakeng parang natutulala sa kanyang kinatatayuan.

Hindi maintindihan ni Armond Louie ang kanyang nararamdaman nang halikan siya ni Gab. Dahil ito ang first kiss niya. At di siya makapaniwala sa sariling nagustuhan niya ang paghalik na iyon ng dalaga sa kanya.

At di niya inaasahan ang halik na iyon in the first place! At sa lugar pa na ito!

Napalinga-linga siya at nakita ang ilang estudyanteng nakakita sa eksena nilang iyon. At nagmamadali na siyang umalis patungo sa kanyang room.

Siguro, di pa umabot doon ang kwento nila ni Gab.

Samantalang masaya namang pumasok sa sumunod nilang klase si Gab.

Nagtataka naman si Lester sa kanyang kasiyahan kaya nagtanong ito.

“Sinagot ka na ba niya?”

“Hmm... siguro malapit na.” Masayang aniya.

Napamaang sina Lester, Guian at Francis.

“Sasabihin ko yan kay Pansy.” Anang Sean naman na natutuwa rin para kay Gab.

“Talaga?” naitanong rin ni Guian.

“Inimbata ko siyang mag-lunch sa canteen. Titignan niya daw kung di siya busy.”

Biglang sumimangot si Guian.

“Hindi pa pala sigurado, eh.”

“Ahu. Pero positibo akong pupunta siya.”

“Baket mo nasabi yan? Ba’t sigurado ka?” tanong ni Francis.

“Nabasa na niya siguro yung card na ipinadala ko.”

Excited na anang Lester sa kanilang lahat.

“Hindi niya sinabi ang tungkol diyan.” Seryosong anang Gab.

Pero bigla namang nakangiti pagkatapos at nagsalita.

“Pero hinalikan ko siya kaya masaya ako ngayon!”

Lalong napamang ang mga barkada niya ngayon kaysa sa kanina. Saka nakabawi naman kaagad si Sean.

“Gab, di kaya mali yung ginawa mo? Baka iba na ang iisipin niya sa yo niyan. Baka iisipin niyang cheap ka. O kaya’y... wag kang matutulad kay Danica, please!”

Biglang nawala ang ngiti ni Gab sa kanyang mga labi’t mata. Matalim niyang tinignan ang kaibigang nagsalita.

“Alam mong hindi ako katulad ni Danica!”

“Pero nalamangan mo pa siya. You kissed a guy in front of those people who-cares-who!” anang Guian.

“And worse, dahil sa ginawa mong iyon, lalong mapapalayo sa yo si Armond.”

Bumuntong-hininga si Lester na nailing.

Alam ng dalaga na puro conservative ang kanyang mga kaibigan.

Parang maiiyak si Gab sa sinabi ng mga ito. Pero pinigil niya ang sarili dahil dumating na sa room ang professor nila.

At nawala sa lesson nila ang kanyang konsentrasyon. Alala namang patingin-tingin sa kanya ang kanyang mga kaibigan.

Kumalat na nga sa buong university ang ginawa ni Gab na paghalik kay Armond Louie kaninang umaga. Parang di siya makaharap sa mga tao. Pero binalewala lang ng apat na lalake ang issue na iyon at pinapakalma si Gab.

Nagpunta silang lima sa canteen. Hinintay nila si Armond Louie. Pero di ito dumating.

Kumibit ng balik at si Lester nang maghintay sila doon nang halos dalawang oras. Hanggang sa pasukan na naman nila sa sumunod nilang mga subjects sa hapong iyon.

Nawalan ng gana si Gab kaya di na napilit pa ng apat na kumain ang dalaga.

“Hi.”

Biglang lumapit sa kanila si Gander nang di nila namalayan. Kasama nito ang best friend na si Ronin.

“Pwede ko bang maimbitahan si Gab na lumabas pagkatapos ng klase ninyo?”

Nagkatinginan ang apat na kalalakihan sa buhay ni Gab. Kumibit naman si Francis na mas kilala si Gander.

“Kung gusto niyang sumama sa yo, walang problema sa amin yun.” Anito.

“Hindi kase maganda ang pakiramdam ko ngayon. Baka nga magka-cutting class ako. Sorry, Gander.”

Decline pa ni Gab sa imbitasyon ng kanyang dating crush.

Akala pa naman ni Gander ay lalabas itong kasama niya. Pero mali pala siya. Dati rati’y tila excited itong makita siya. Pero ngayon, nalalabuan na siya sa babaeng ito. At lalo pa nga sana siyang napahanga dito dahil sa pagbabagong anyo nito.

Ngayon, mukhang hindi na siya nito kilala kung kausapin siya.

“Maybe some other time, then?” ani Gander na lamang.

“Oo. Baka sa ibang pagkakataon na lang. Salamat sa imbitasyon mo, Gander.”

Matamlay na anang dalaga na may pilit na ngiti.

Tumango lamang ang binata at tumalikod na.

Nagtaka naman ang apat na barkada ni Gab sa kanyang reaksiyon.

“Dati, ang liwanag ng mukha mo kahit tignan ka lang ni Gander. Ngayon, maitim pa sa pinta ang mukha mo.”

Naguguluhan si Francis na unang nagsasalita.

“Halos maglulundag pa nga siya sa tuwa, eh. Ngayon, parang gusto na niyang kainin siya ng lupa.”

Sabi pa ni Guian na napabuntong-hininga.

Chapter 9

Sa mga sumunod pang mga linggo ay si Gab ang laman ng mga usap-usapan. At di yun nakalampas sa pandinig ni Danica.

“You are so pathetic, Gab!”

Sabi pa nito sa kanya nang makita siyang naglalakad nang mag-isa sa pasilyo. Kaya napakatapang ngayon ni Danica na harapin siya, kasama ang dalawa nitong mga ‘alalay’.

“You kissed the guy whom you well know as my fiancé! How dare you did that!”

“I’m not in the mood to talk with you, Danica.”

Mahinahong aniya sa babae.

“Well, I am in the mood to talk to you! Layuan mo si Armond Louie. Narinig mo ba ang sinabi ko?”

“Hindi ko siya lalayuan hangga’t di niya sinasabi sa akin. Hindi ako susuko hanggang di niya sinasabi sa aking di niya ako mahal, Danica. Narinig mo bang sinabi ko?”

Nakita niyang napamaang si Danica at ang mga kasamahan nito.

Pero hindi dahil sa sinabi niya. Kundi dahil sa narinig ni Armond ang sinabi niya, na nasa likuran lang pala niya.

Napalunok siya nang makita ito at nagmamadali siyang umalis.

Napasunod ng tingin si Armond sa kanya.

Hiyang-hiya siya sa mga sinabi niya kay Danica. At sigurado siyang matatawa na naan ang babaeng iyon kapag nakatalikod na si Armond Louie.

Lihim niyang minura ang sarili.

Nabibigatan na rin siya sa kanyang pasanin. Kahit nagsisimba siya para makita lamang si Armond ay nakokonsensya na siya at nagsimula na siyang humingi ng tawad sa Diyos. Dahil sa naaalala pa niya ang sinabi sa kanya ni Armond nang mag-dinner silang dalawa noon sa restoran.

Kaya bawat Linggo ay nagsisimba na siya at pinopokus ang atensyon sa Panginoon at sa paring nagsasalita sa misa, sa halip na kay Armond Louie.

At ilang beses na rin niyang nagawa ang accomplishment na iyon. Pero di pa rin siya natutuwa sa kanyang sarili. Isinisigaw pa rin ng kanyang damdamin ang pangalan ng lalake.

Na siguro kailanma'y di mapapasakanya.

Balewala na kay Armond Louie ang usap-usapan sa campus. Dahil mamamatay din ito pag di na ginagatungan. At sa pagkataong ito ay wala nang panggatong dahil di na lumalapit pa sa kanya si Gab.

Kapag magsasalubong ang kanilang dadaanan ay umiiwas na si Gab sa kanya. Habang masama naman ang tingin sa kanya ng mga barkada nito. Lalo na ang paningin nina Sean at Guian.

“Congratulations. Nanalo ka, bro.”

Ang bulong pa ni Gander sa kanya nang nakatayo siya sa pathway at dinaanan siya nito, dahil nakasunod pa rin siya ng tingin kay Gab.

“Anong ibig mong sabihin?”

Tanong pa niya at napatigil si Gander sa paglalakad. Hinarap siya nito.

“It’s just too late. Una ay ako. Ngayon ay ikaw.”

“Di kita maintindihan.”

“Huli na nang malaman kong may gusto sa akin noon si Gab. Sinabi sa akin ni Francis ang lahat last week. I asked Gab out everytime I have the chance. Pero binalewala niya dahil sa yo. Ngayong niligawan ka niya, which she did not do in my case, hinindian mo pa. Can’t you see she’s doing everything she can to win you, Armond?”

“Alam ko yung tungkol sa yo. Di ko lang sinabi sa yo at alam rin ni Danica ang tungkol doon. Bulag ka lang, Gander. Di ako bulag katulad mo...”

“Pero baket mo sinasaktan si Gab?”

“Hindi ko siya sadyang saktan. Binalaan ko na siyang ayokong mapalapit siya sa akin. At ayoko ring mapalapit sa kanya.”

“Ah, stupid ex-seminarian!

Inis na anang Gander.

“Susuyuin ko na si Gab. Gusto mo man siya o hindi. Mahal mo man siya o hindi.”

At tumalikod na ito upang iwanan siya.

“At kung kakalimutan ka man niya o hindi, wala akong pakialam.” Dagdag pa nito at tuluyan nang umalis.

Isinama pa rin ni Guian si Gab sa mga motor race para mapasaya ito kahit papaano. At sa bawat lakad nilang mga lalake kahit kasama nina Sean at Francis ang gf nila ay pinipilit nilang sumama rin ang buong barkada sa kanilang date.

Alalang-alala na sila sa sitwasyon ni Gab. Di rin nila maintindihan at napakasugid na ngayong manligaw ni Gander kay Gab.

Binibigyan nito ng mga bulaklak at kung anu-ano pang mga regalo si Gab. Dati naman di nito napapansin ang beauty ni Gab.

Ngayon, patay na patay na ito sa kaibigan nila.

“May plano ka bang masama kay Gab?”

Deretsahang tanong minsan ni Francis, kasama ang tatlong barkada habag nakaupo sa sopa, sa loob ng kanilang bahay si Gab. At sila’y nasa labas.

“Francis, wala akong masamang balak sa kanya. Dapat kilala mo na ako sa dalawang taon nating mahigit na magkasama sa team.” Ang tugon ni Gander.

“Oras na malaman kong pinaglalaruan mo lang si Gab, malilintekan ka sa akin.”

Banta pa ni Sean na dinuduro pa sa mukha ito.

“Maliban pa doon, sisirain ko ang system ng kompanya n’yo.”

Kalmanteng banta rin ni Lester na ini-adjust ang salamin sa mga mata.

“Nagkaintindihan na ba tayo dito?” anang Guian na nagkurus ang mga braso.

“I swear it with my life!” anang Gander.

“Pero alam mo ng hindi ka na gusto ni Gab.”

Matalim pa rin ang tingin ni Guian sa varsity player.

“Noon pa yun bago mo nalaman ang totoo mula kay Francis.”

“Susubukan ko pa ring magbalik ang pagkagusto niya sa akin noon ngayon. Pangako. Wala akong masamang gagawin sa kanya.”

“Dapat lang.” Anang Lester. “Dahil alam mo na ang pwede naming gawin sa yo at sa pamilya mo.”

“Wag na kayong magbanta sa akin nang ganyan. Pwede ba? Hindi ako masamang tao.”

“Sinisigurado lang namin.”

Biglang ngumisi si Francis. Kumindat naman si Guian pero seryoso pa rin ang mukha nina Lester at Sean.

“Halika na. Pwede mo nang kausapin si Gab.” Anang Guian.

Tumango si Gander at sumunod sa apat na ‘bodyguards’ ni Gab. Di niya akalain kung gaano kalalim ng bonding ng limang ito hanggang sa mga oras na ito.

Pwede palang makipagpatayan ng apat na lalakeng ito para lamang kay Gab. At bihira lamang itong nangyayari kahit kanino.

You don't know what you're missing, Armond bro, naisipan pa ni Gander.

Pero ang di niya alam ay alam na ni Armond ang tungkol sa mahigpit nang bonding ng lima. Nasaksihan na nito noon sa restoran ito.

“Akala ko ba, ayaw niyang mapalapit sa ibang babae?”

Himutok pa ni Gab at narinig iyon ni Guian habang naglalakad sila sa pathway.

Nakita nilang kasama ni Armond si Danica. At himalang walang kasama si Danica ngayon. Solong-solo nito ngayon si Armond.

Titig na titig si Armond kay Gab pero si Danica lang ang tinitignan ng dalaga. Pero walang nakawala sa paningin ng apat na barkada’t kaibigan ni Gab na nasa likuran niya lang.

“Gab. You should congratulate me. After our graduation, kasal ko na. At siyempre dahil kaibigan kita, imbitado ka.”

Anang Danica na masayang-masayang ibinabalita iyon.

Hindi na naiwasan ni Gab na huwag tignan si Armond Louie.

Seryoso ang mukha nito. Kaya di mabasa ni Gab kung nagsisinungaling lang si Danica o hindi. O kaya’y iniinis lang siya nito o hindi.

“Congratulations and best wishes then.” Sabi pa niya kay Danica. “But I’m afraid I’m leaving for Thailand right after graduation day, Danica.” Sinungaling pa niya.

Biglang sumimangot si Danica na tumingin kay Armond.

“Ay, hindi siya makakapunta.”

Saka bumaling sa kanilang muli.

“All the same. Padadalhan kita ng invitation sa kasal ko.”

“Salamat.” Anang Gab at tumalikod na. “Sa ladies room lang ako.” Paalam pa niya sa apat na kaibigan nang malayo na sila kina Danica at Armond.

Umiiyak siya nang todo sa loob ng banyo. At nagkatinginan lamang ang apat na nasa labas at naghihintay.

Alam ng mga ito ang ginagawa ni Gab sa loob. Pero wala pa rin silang maisip na magandang paraan para hindi na mahihirapan ang babae.

Biglang sinuntok ni Sean ang dingding na ikinagulat ng lahat.

“I want to see his bloody face!”

Chapter 10

Pagkahatid kay Gab sa bahay nito ay bumalik na sina Guian at Lester sa campus kung saan naghihintay sina Sean at Francis upang bantayan bago makaalis si Armond.

Hinarang nilang apat si Armond.

Nang makita ng gwardiya ang ginawa nila ay kalmante namang nagpaliwanag ang ex-seminarian.

“Walang anuman ito, guard. Mag-uusap lang kami rito.”

“Ayoko ng gulo sa loob ng campus. Alam n’yo yan.”

Tinantiya muna ng gwardiya si Sean, na kilala nito, bago umalis at hinayaan na silang lima sa parking space.

“Ano ba talagang problema mo kay Gab, ha?”

Deretsahan tanong ni Sean kay Armond.

Napalunok si Armond bago sumagot nang nailing.

“Walang problema sa kanya. Maniwala kayo. Ako lang ang may problema.”

Kinuwelyuhan ni Sean ang lalake at isinandal sa kotse nitong asul. Pero di pa rin natatakot si Armond sa ginagawa ni Sean sa kanya.

Marunong din siya ng martial arts at gagamitin niya ito laban dito kapag nagkataon.

Pero mukhang tinatakot lang naman siya ni Sean.

“Sabihin mo na sa amin ngayon kung anong problema mo. Kung hindi, malilintekan ka sa akin!”

“Ikakasal na ba ang kinakapatid mong si Armond Louie?”

Banayad na tanong ni Gab kay Gander sa gabi ring iyon. Bisita na naman niya ito sa bahay nila. At mukhang nagugustuhan pa ito ng kanyang ina dahil seryoso ito sa kanya.

“Ewan ko. Wala siyang nasabi sa akin, eh.”

Turan naman ni Gander. Sa totoo lang, hindi na sila nagkausap pa man ni Armond mula noong sinabi niya ritong liligawan na niya si Gab.

“Sabi kase ni Danica na ikakasal na siya. At siguro kay Armond iyon. Madalas ko kase silang nakikita sa campus na magkasama.”

“Napansin ko nga rin yon. Pero di ko talaga alam, Gab.”

Katahimikan.

“Maitanong ko lang sa yo, Gab. Mahal mo pa rin ba si Armond hanggang ngayon?”

Hindi agad nakasagot si Gab.

At hindi siya makatingin kay Gander. Dapat kase sana siyang matuwa dahil nagugustuhan na siya nito katulad nung dati niyang pinapangarap.

Pero iba na ngayon ang pangarap niya. At di niya alam kung gaano kabilis itong napalitan.

Infatuation nga lang siguro ang naramdaman niya para kay Gander noon. At di talaga siya umibig rito. Dahil sigurado na siyang una pa lang niyang pakikipag-usap kay Armond ay napaibig na siya dito.

“Oo. At hindi kita sasagutin para lang panakip-butas ko, Gander.” Nasabi rin niya.

“So you mean to say, wala na talaga akong pag-asa sa yo?”

Graduation day.

Hinarang si Gab ni Danica at ng dalawa nitong kaibigan.

Nabigla na lang siya nang yakapin siya ni Danica. At napataas ng kilay si Sean na napatingin sa mga kasamahan na puro naka-toga.

“Congratulations, Gab!” anang Danica.

“Ikaw rin.”

Nasabi na lang ni Gab na kumalas mula sa babae. Di rin siya mapalagay na napatingin sa mga barkada niya.

“Matutuloy ka na ba bukas sa Thailand?”

“O-oo. Ba’t mo naitanong?” nakasimangot na aniya.

“Sayang at di kita makikita sa kasal ko.”

Saka makahulugan itong nakatingin kay Lester.

“Sandali.”

Biglang may naaamoy si Francis dito. Kaya napangisi ito sa mga kasamahan.

“You mean...”

Anang Guian na napatingin kina Lester at Danica na nakuha ang tingin ni Francis.

“Kami nga ang ikakasal two weeks from now.”

Kompirma pa ni Lester sa mga kabarkada.

“Ano?!”

Nabigla silang lahat sa balitang iyon. At binatukan pa ni Francis si Lester na napahimas sa batok pagkatapos.

“Ba’t di mo sinabi?” anang Guian.

Ngunit tumawa lang si Lester at lumalayo na ito sa kanila kaya sinundan ito nina Francis, Guian, Sean, Danica at ng mga kaibigan nito.

Naiwan na siya ng mga ito. Kaya susunod na sana siya nang harangin siya ni Gander nang nakangiti.

“Congrats nga pala. Sorry, ngayon lang ako dumating.” Anang Gander. “Ibinili pa kase kita ng regalo. Ang hirap mamili para sa yo. Matagal na akong naghahanap ng maireregalong pero wala talaga akong maisip para makapagpasaya sa yo.”

Napangiti siya sa lalake kahit papaano. Niyakap niya ito at hinalikan sa pisngi.

“Matagal ko nang gustong gawin yan sa yo. Kaso andaming cheer leaders na nag-uunahan sa yo kaya ngayon ko lang nagawa.” Aniya sa lalake. “Salamat.”

“Ni di mo pa nga nakita ang regalo ko?”

“Saan bang regalo mo?” aniya.

“Aalis na muna ako at lilitaw rin ang regalo ko sa yo, hindi magtatagal. I just want you to be happy. Sana makakita pa ako ng katulad mo.”

Anang Gander na hinaplos ang kanyang pisngi bago umalis.

Naguguluhan siya sa sinabi nito. Pero di naman niya sineryoso ang sinabi nito.

Kaya pupuntahan na sana niya ang kanyang ina na kasama na ngayon ng mga magulang ng kanyang mga kaibigan at ng mga kabarkada rin, nang harangin siya ng isang lalake.

Napatingin pa siya sa matangkad na lalake nang biglang lumundag ang puso niya at pumintig ito nang mabilis.

Si Armond ang nakita niya.

Ito ang regalo sa kanya ni Gander?

“Nandoon na si Danica kasama sina Lester...”

“Alam ko.” Seryosong anito.

“Sige, aalis na ako. Pupunta pa kase kami sa hotel para mag-celebrate...”

“Hindi ba ako imbitado?”

Napalunok si Gab.

Hindi siya makatingin kay Armond ngayon. Bigla siyang naitulak ng kapwa niya estudyante at napayakap siya tuloy kay Armond na sumuporta naman sa kanya upang hindi siya matumba.

Humiwalay din siya mula rito at conscious na conscious kaya siya.

“H-hindi ka na imbitado dahil ayaw mo namang pumunta, di ba?” aniya sa lalake.

“Sabi nila nagbago nang malaki ang dating si Gabrielle Marie. Marunong na siyang kumilos nang tunay na babae. Marunong na siyang magsimba. Nagsusuot-dalaga na siya. At di na siya nagbi-big bike sa campus tulad ng dati...”

“Di mo na dapat inisa-isa yan dahil nakakahiya.”

Napakurap na aniyang nasa baba nakatingin.

“Pero hindi kita ikinahihiya.”

“Hindi ako ikinahihiya nina Lester, Guian, Francis at Sean. Hindi rin ako ikinahihiya ng mga pinsan ko, ng mga magulang at tiyuhin ko. Ikaw lang ang nahihiya sa mga ginawa ko.”

Sumbat pa niya dito na nakatingin na sa mukha ng lalake.

“Sabi ko, hindi kita ikinahihiya, Gab. Kahit halikan mo pa ako ngayon ulit sa publiko, di ko maramdaman yung hiyang sinasabi mo. Pero ang ikinabahala ko lang ay ang reputasyon mo.”

Hindi siya makapaniwala sa kanyang narinig.

“Mahal mo ba ako, Armond?” Halos maluluhang aniya. “Talagang aalis ako bukas sa Thailand kapag narinig kong hindi mo ako mahal. O kahit di mo man lang ako gusto.”

Bigla siyang niyakap ni Armond nang mahigpit. At hinalikan siya nito sa batok.

Tumulo na ang luha niya sa saya. Sapat na iyong kasagutan sa tanong niya.

“You won’t know my answer to that kapag aalis ka bukas. Pero pipilitin kong sagutin yan ngayon din.”

Patlang.

“Mahal na kita bago ko pa malaman kung anong hatid ng mga kindat at ngiti mo sa akin, Gab. Mahal na kita kahit bago mo pa ako niyayang mag-dinner sa restoran.

“At nasaktan ako noong niligawan ka na ni Gander. Nag-usap na rin kami kagabi at nagparaya na siya para sa ating dalawa kahit mahal ka niay. Wala akong lakas na loob na habulin kita kaya humingi ako ng tulong kay Danica. At di rin ako mangongompisal sa yo ngayon kung di pa ako hinarang nina Sean sa parking space.”

Nagkatitigan silang dalawa habang naiyak sa tuwa ang dalaga.

“Ginawa nila yun para sa akin?”

“Oo. Dahil mahal ka nila. At handa silang gawin ang lahat para lang mapaligaya ka nila. Handa rin silang bugbugin ako at kung di ako magdesisyon.”

Napatawa na rin si Armond Louie nang maaalala ang nangyari sa parking space at napaamin siya ng mga barkada ni Gab na mahal niya ang dalaga.

Nailing pa si Gab.

“Hindi ko akalaing gagawin nila iyon. Pero akala ko talaga ikakasal na kayo ni Danica kung di pa inamin sa amin ni Lester kanina ang totoo. Wala rin naman sa guni-guni namin na magkakagustuhan sina Danica at Lester. Walang sinasabi tungkol sa kanyang lovelife si Lester. Kaya nabigla talaga kaming lahat kanina.”

“Life is truly full of surprises. One day you pursued me. The next, tumigil ka na. Akala ko pa naman hindi ka titigil hanggang marinig mong di kita mahal. Baket ka pa lumayo noon nung sinabi mo yun kina Danica?”

Masuyong tanong ng lalake sa kanya at hinaplos ang kanyang pisngi at baba.

“Nahiya lang kase ako sa yo. At bago mo pa sabihing hindi mo nga ako mahal, umalis na ako. Ayoko yung marinig.”

“Silly! Hindi ko pa rin kayang magsinungaling. Lalo na’t alam mong seminarista pa ako dati, di ba?”

“Mahal talaga kita, Armond.”

Nakangiting aniya. Per si Armond Louie na ngayon ang kumindat pagkatapos ng ngiti niya.

Napatawa siya at wala nang pakialam sa mundo.

Hinalikan niya ang lalake sa buong publiko, sa pangalawang pagkakatong ito. Ngayon ay nakita na ito ng mga graduates, mga kaibigan niya’t kapamilya...

Pagkatapos ay nakita na lang nilang matalim na tinitingnan ni Pop si Armond na nasa tabi na nila.

Napamaang naman si Gab at ang mga kaibigan niya.

“Ikaw pala ang nagpaiyak kay ate Gab?” anito.

“Pop?” Ani Gab.

Mabilis na tumakbo si Sean palapit sa kanila at mabilis rin itong kinarga palayo kay Armond Louie nang makita nila ang isang maliit na stick na hawak ng bata.

Nagkagulo tuloy ang mga barkada ni Gab habang pinipigilan ang batang sumisigaw.

“Bitiwan n’yo ko!”

Napatawa naman si Gab sa reaksyon ni Armond.

“Anong nangyayari?” inosenteng anito.

“Wag mo nang isipin yun. Buti naagapan ka pa!”

“Huh? Baket?”

“Bubutasan ka niya sa tagiliran.”

Napamaang si Armond.

“O, wag ka nang mamutla diyan. Di mo alam na may lahi kaming Red Indian?”

Natatawang aniya sa lalake.

“At?” inosenteng napangiti ang binata.

“Hmm... dapat mag-research ka kung papaano manligaw ang Red Indian at nang di bubutasan ang tagiliran mo ni Pop.” Natatawang aniya sa lalake.

Napatawa na rin lang ang binata dahil sa suggestion niyang iyon.

-- Wakas --